County of San Diego

# Ahensya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao, Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali

# Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal Handbook ng Benepisyaryo

**3255 Camino del Rio S,**
**San Diego, CA 92108**

Petsa ng Pagrebisa: Setyembre 14, 2023
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Enero 1, 2024[1]

[1] Ang handbook ay dapat ibigay sa unang pagkakataong i-access ng benepisyaryo ang mga serbisyo.

# LANGUAGE TAGLINES

## English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call (888) 724-7240 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call (888) 724-7240 (TTY: 711). These services are free of charge.

## الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 724-(888) 7240
(TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ (888) 724-7240
(TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

## Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր։ Զանգահարեք (888) 724-7240 (TTY: 711)։ Այդ ծառայություններն անվճար են։

**<u>ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)</u>**

ចំណាំ៖ បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ (888) 724-7240 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ (888) 724-7240 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**<u>简体中文标语 (Chinese)</u>**

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 (888) 724-7240 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 (888) 724-7240 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

**مطلب به زبان فارسی (Farsi)**
توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (888) 724-7240 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با  با   (888) 724-7240 (TTY: 711)ماس بگیرید. تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

**हिंदी टैगलाइन (Hindi)**
ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो (888) 724-7240 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। (888) 724-7240 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

**Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)**
CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau (888) 724-7240 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau (888) 724-7240 (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

---

**日本語表記 (Japanese)**

注意日本語での対応が必要な場合は (888) 724-7240 (TTY: 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 (888) 724-7240 (TTY: 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

**한국어 태그라인 (Korean)**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 (888) 724-7240 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. (888) 724-7240 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**<u>ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)</u>**

ປະກາດ:
ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເ
ບີ (888) 724-7240 (TTY: 711).
ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສຳລັບຄົນພິການ
ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່
ໃຫ້ໂທຫາເບີ
(888) 724-7240 (TTY: 711).
ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**<u>Mien Tagline (Mien)</u>**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux (888) 724-7240 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx (888) 724-7240 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

**ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 711). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ| ਕਾਲ ਕਰੋ (888) 724-7240 (TTY: 711).

ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ|

**Русский слоган (Russian)**

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру (888) 724-7240 (линия TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру (888) 724-7240 (линия TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

**Mensaje en español (Spanish)**

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al (888) 724-7240 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al (888) 724-7240 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

**Tagalog Tagline (Tagalog)**

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa
(888) 724-7240 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan,tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print.  Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyong ito.

**แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ:
หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ
กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข
(888) 724-7240 (TTY: 711) นอกจากนี้
ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ
สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข (888) 724-7240 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

**Примітка українською (Ukrainian)**

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер (888) 724-7240 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

**Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số
(888) 724-7240 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số (888) 724-7240 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

---

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


IBA PANG WIKA AT FORMAT ........................................12

PAUNAWA LABAN SA DISKRIMINASYON ........................14

PANGKALAHATANG IMPORMASYON.............................23

MGA SERBISYO.........................................................35

PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG ORGANISADONG SISTEMA NG PAG-DELIVER NG DRUG MEDI-CAL ...........................................................68

PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG KALUSUGAN NG ISIP ..............................................................83

MGA PAMANTAYAN SA PAGKAKWALIPIKADO AT MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN.................................86

PAGPILI NG PROVIDER ..................................................91

ANG IYONG KARAPATAN NA I-ACCESS ANG MGA MEDIKAL NA REKORD AT IMPORMASYON SA DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE.............................................................................100


---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

PAUNAWA SA SALUNGAT NA DESISYON SA BENEPISYO ....................................................................................102
MGA PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA.............112
ANG PROSESO NG PAGHAHAIN NG KARAINGAN..........118
ANG PROSESO NG PAG-APELA (PAMANTAYAN AT PINABILIS) ...........................................................125
ANG PROSESO NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO...139
MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM ..........................................................149
PAUNANG DIREKTIBA..................................................157
MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG BENEPISYARYO.......................................................162
KAHILINGAN NA PAGLIPAT NG PANGANGALAGA.........173

# IBA PANG WIKA AT FORMAT

## Iba pang wika

Makukuha mo itong Handbook ng Benepisyaryo at iba pang materyal ng plano sa ibang wika nang libre. Nagbibigay kami ng mga nakasulat na translation mula sa mga kwalipikadong translator. Tumawag sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Libre ang pagtawag. Basahin itong Handbook ng Benepisyaryo para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga serbisyo ng interpreter at translation.

## Iba pang format

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point na font na malalaking print, audio, at accessible na electronic na format nang libre. Tumawag sa 1-888-724-7240 (TTY: 711). Libre ang pagtawag.

## Mga Serbisyo ng Interpreter

Ang County ng San Diego ay nagbibigay ng mga

---

serbisyo ng oral interpretation mula sa isang kwalipikadong interpreter, na available nang 24 na oras, at nang walang bayad. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter maliban kung ito ay isang emergency. Makakakuha ng mga serbisyong may kaugnayan sa interpreter, wika at kultura nang walang bayad. Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa (888) 724-7240 (TTY 711). Libre ang pagtawag.

## PAUNAWA LABAN SA DISKRIMINASYON

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Ang County ng San Diego ay sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang County ng San Diego ay hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nag-iiba ng trato dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o oryentasyong sekswal.

Nagbibigay ang County ng San Diego ng sumusunod:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang mas maayos na makipag-usap, tulad ng:

---

    - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
    - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, braille, audio o accessible na elektronikong format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
    - Mga kwalipikadong interpreter
    - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Linya ng Access at Krisis 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa (888) 724-7240. O kaya, kung kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa 711. Kapag hiniling, makukuha mo ang dokumentong ito sa braille, malalaking print, audio, o accessible na elektronikong format.

---

## PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung sa tingin mo ay hindi naibigay ng County ng San Diego ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o oryentasyong sekswal, maaari kang maghain ng karaingan sa mga sumusunod na ahensya ng adbokasiya. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, nang personal, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng pagtawag:
  - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **mga serbisyo sa residente**, maaari mong tawagan ang **Programa ng Adbokasiya ng Pasyente ng Serbisyo sa Jewish na Pamilya**

---

    **(Jewish Family Service, JFS)** sa (619) 282-1134.

    - Para sa tulong sa paghahain tungkol sa **outpatient o anupamang serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance**, tumawag nang libre sa **Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)** sa kanilang numero na (877) 734-3258 (TTY 1-800-735-2929).
    - O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa 711.

- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o gumawa ng sulat at ipadala ito sa:

  **Para sa Mga Serbisyo sa Residente:**
  Jewish Family Service of San Diego
  Joan & Irwin Jacobs Campus
  Turk Family Center Community Services

---

Building
8804 Balboa Avenue
San Diego, CA 92123

**Para sa Mga Serbisyo sa Outpatient o anupamang Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Substance:**
Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)
1764 San Diego Avenue, Suite 100
San Diego, CA 92110

- Sa personal:: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o anumang site ng provider ng sakit sa paggamit ng substance na kinontrata ng County ng San Diego at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- Elektroniko: Puntahan ang mga sumusunod na website:
  **Para sa Mga Serbisyo sa Residente:**
  Jewish Family Service of San Diego sa

---

https://www.jfssd.org/

**Para sa Outpatient o anupamang Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Substance:**

Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa https://www.lassd.org/mental-health-and-substance-abuse-patients-rights/

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA**

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, tumawag sa **711 (California State Relay)**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa: **Department of Health Care Services - Office**

**of Civil Rights**
**P.O. Box 997413, MS 0009**
**Sacramento, CA 95899-7413**

Makukuha ang mga form ng reklamo sa https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures

- Elektroniko: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

---

**TANGGAPAN NG MGA KARAPATANG SIBIL – DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO**

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo sa karapatang sibil sa Departamento ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o elektroniko:

---

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

  **U.S. Department of Health and Human Services**
  **200 Independence Avenue, SW**
  **Room 509F, HHH Building**
  **Washington, D.C. 20201**

  Makukuha ang mga form ng reklamo sa

  http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.
- Elektroniko: Puntahan ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

### Bakit Mahalagang Basahin ang Handbook na Ito?

Welcome sa Plano na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal (Drug Medi-Cal Organized Delivery System, DMC-ODS) ng County ng San Diego!

Pananagutan naming tiyakin na madali kang makakakuha ng mga serbisyo sa paggamot sa Mga Sakit sa Paggamit ng Substance (Substance Use Disorders, SUD). Bilang benepisyaryo, mayroon kang ilang karapatan at responsibilidad, na inilalarawan sa Handbook ng Benepisyaryo na ito.

Ang County ng San Diego, bilang kalahok sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, ay itinuturing na isang pinamamahalaang plano sa pangangalaga, na nangangahulugang matatanggap mo ang bahagi, o lahat, ng iyong mga benepisyo mula sa mga provider ng SUD na may

---

kontrata sa County. Ang mga serbisyong ibinibigay sa ilalim ng plano ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ay posible sa pamamagitan ng isang kontrata sa pagitan ng Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Substance, Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng California (California Department of Health Care Services, DHCS).

Ang mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance ay makukuha ng mga tao sa ilalim ng Medi-Cal, kabilang ang mga kabataan, nasa hustong gulang at matatanda sa County ng San Diego. Kung minsan, makukuha ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong regular na doktor. Kung minsan, makukuha ang mga ito sa pamamagitan ng provider ng serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance. Ang plano ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng

Drug Medi-Cal ay napapailalim sa mga tuntuning itinakda ng Estado ng California at ng Pederal na pamahalaan. Ang bawat county sa California ay may sariling kontrata sa estado para magkaloob ng mga serbisyo sa paggamit ng substance, na maaaring o hindi isang plano ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.

Mahalagang maunawaan mo kung paano gumagana ang plano ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal para makuha mo ang pangangalaga na kailangan mo.

Ipinapaliwanag ng handbook na ito ang iyong mga benepisyo at kung paano makakakuha ng pangangalaga. Sasagutin din nito ang marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo ang sumusunod:

- Paano makatanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance sa pamamagitan Organisadong

Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county

- Anong mga benepisyo ang makukuha mo
- Ano ang gagawin kung mayroon kang tanong o problema
- Ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang benepisyaryo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county

Kung hindi mo babasahin ngayon ang handbook na ito, dapat mong itago ang handbook na ito para basahin sa ibang pagkakataon. Gamitin ang handbook na ito bilang karagdagan sa handbook ng benepisyaryo na natanggap mo noong nag-enroll ka sa iyong kasalukuyang benepisyo ng Medi-Cal. Ang iyong benepisyo sa Medi-Cal ay maaaring kasama ng isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga

ng Medi-Cal o ng regular na programang “Fee for Service” ng Medi-Cal.

**Bilang Benepisyaryo ng Iyong Plano ng County na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, Responsibilidad ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng Iyong County ang Sumusunod:**

- Pagtukoy kung natutugunan mo ang pamantayan sa pagkakwalipikado para sa mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county mula sa county o sa network ng provider nito.
- Pagkoordina ng iyong pangangalaga sa iba pang plano o sistema ng pag-deliver kung kinakailangan para mapadali ang mga paglipat ng pangangalaga at gabayan ang mga referral para sa mga benepisyaryo, nang tinitiyak na sarado ang referral loop, at tinatanggap ng

bagong provider ang pangangalaga ng benepisyaryo.

- Pagbibigay ng toll-free na numero ng telepono (ang Linya ng Access at Krisis (ACL) (888) 724-7240) na may sasagot 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo na makapagsasabi sa iyo tungkol sa kung paano kumuha ng mga serbisyo mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa numerong ito para humiling ng availability ng after-hours na pangangalaga.
- Pagtiyak na may sapat na mga provider na malapit sa iyo para matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance na saklaw ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county kung kailangan mo ang mga ito.

---

- Pagbibigay-alam at pagturo sa iyo tungkol sa mga serbisyong makukuha mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county.
- Pagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa iyong wika o ng isang interpreter (kung kinakailangan) nang walang bayad at pagpapaalam sa iyo na available ang mga serbisyo ng interpreter na ito.
- Pagbibigay sa iyo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang magagamit mo sa ibang wika o format.  Kabilang dito ang pagkakaroon ng Handbook na ito sa mga threshold na wika na partikular sa San Diego County: English, Spanish, Tagalog, Vietnamese, Arabic, Persian (Farsi at Dari), Mandarin, Korean, at Somali at iba pang magagamit na tulong at serbisyo. Maaari kang tumawag sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-

---

7240 (TTY: 711) para makatanggap ng impormasyon sa gusto mong wika.

- Pagbibigay sa iyo ng abiso ng anumang makabuluhang pagbabago sa impormasyong tinukoy sa handbook na ito nang hindi bababa sa 30 araw bago ang nilalayong petsa ng bisa ng pagbabago. Ang isang pagbabago ay maituturing na makabuluhan kapag may pagtaas o pagbaba sa halaga o uri ng mga serbisyo na makukuha, o kung mayroong pagtaas o pagbaba sa bilang ng mga provider ng network, o kung mayroong anupamang pagbabago na makakaapekto sa mga benepisyong natatanggap mo sa pamamagitan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Pagtiyak na patuloy mong magagamit ang mga dati at kasalukuyang wala sa network na provider sa loob ng isang yugto ng panahon

---

kung ang pagpapalit ng mga provider ay magiging sanhi ng paglala ng iyong kalusugan o pagtindi ng iyong panganib na maospital.

Kung mayroon kang problema sa paghingi ng tulong o may problema sa booklet na ito, tawagan ang Linya ng Access at Krisis, isang 24 na oras, walang bayad na numero ng telepono sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para humingi ng tulong o alamin ang iba pang paraan para makuha mo ang mahalagang impormasyong ito.

**Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na Nangangailangan ng Mga Materyales sa Ibang Wika**

Ang lahat ng materyal na nagbibigay-alam sa benepisyaryo, kabilang ang Handbook ng Benepisyaryo at mga form para sa Karaingan at Apela sa Ingles, Spanish, at iba pang threshold na wika ng San Diego County. Maaari mong i-access ang mga materyal na ito sa alinmang site ng

---

provider ng sakit sa paggamit ng substance na kinontrata ng County ng San Diego.

**Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na Nahihirapang Magbasa**

Ang mga pasyenteng may problema sa pagbabasa ay maaaring makipag-ugnayan sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para sa higit pang impormasyon kung paano kumuha ng mga materyales sa mga alternatibong format (mga halimbawa: audio, malaking print). Maaari mo ring hilingin sa isang provider ng sakit sa paggamit ng substance na kinontrata ng County ng San Diego na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.

**Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na May Kapansanan sa Pandinig**

Ang mga pasyenteng may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, ay maaaring makipag-ugnayan sa California Relay Service sa pamamagitan ng pag-

---

dial sa 711 para makonekta sa County upang humiling ng walang bayad na mga serbisyo ng interpreter at sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 para sa mga serbisyo ng screening at referral (Available ang opsyon na chat/text Lunes – Biyernes mula 4:00 pm – 10:00 pm). Ang mga nakasulat na katanungan para sa mga walang bayad na serbisyo ng interpreter ay maaaring ipadala sa Deaf Community Services sa scheduler@dcsofsd.org. Maaari mo rin silang kaugnayin sa (619) 394-2488 para sa karagdagang impormasyon.

**Impormasyon para sa Mga Benepisyaryo na May Kapansanan sa Paningin**

Ang mga pasyenteng may kapansanan sa paningin, ay maaaring makipag-ugnayan sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para sa higit pang impormasyon kung paano kumuha ng mga materyales sa mga alternatibong format (mga

---

halimbawa: audio, malaking print). Maaari mo ring hilingin sa isang provider ng sakit sa paggamit ng substance na kinontrata ng County ng San Diego na tulungan ka sa pagkuha ng libreng kopya ng mga materyal na ito.

**Paunawa sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado**

Maaari kang makakuha ng kopya ng Notice of Privacy Practices mula sa front desk ng alinman sa aming County of San Diego na kinontrata ng mga provider ng Substance Use Disorder.

## MGA SERBISYO

### Ano ang Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County?

Ang mga serbisyo ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may kondisyon sa paggamit ng substance o, sa ilang pagkakataon, ay nasa panganib na magkaroon ng kondisyon sa paggamit ng substance na maaaring hindi magamot ng isang pediatrician o general practitioner. Maaari kang sumangguni sa seksyong "Screening, Sandaling Interbensyon, Referral sa Mga Serbisyo sa Paggamot at Maagang Interbensyon" ng paunawang ito para sa karagdagang impormasyon.

Kasama sa mga serbisyo ng county na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ang:

---

- Mga Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient
- Mga Intensive na Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient
- Mga Serbisyo ng Hindi Ganap na Pagkakaospital
- Mga Serbisyo ng Paggamot sa Residente/Inpatient
- Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Withdrawal
- Mga Serbisyo ng Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics
- Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon (Medications for Adiksyon Treatment, MAT)
- Mga Serbisyo sa Pagpapagaling
- Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer
- Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga
- Pamamahala ng Contingency
- Mobile Crisis

---

Ang mga serbisyong inaalok sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag o telehealth, maliban sa mga medikal na pagsusuri para sa Mga Serbisyo ng Paggamot Kaugnay ng Narcotics at Pamamahala sa Withdrawal. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa bawat serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal na maaaring available sa iyo, basahin ang mga paglalarawan sa ibaba:

**Mga Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient**

- Ang mga serbisyo ng pagpapayo ay ibinibigay sa mga benepisyaryo hanggang siyam na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang at wala pang anim na oras sa isang linggo para sa mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang kapag medikal na kinakailangan. Maaaring lumampas sa maximum ang mga serbisyo batay sa indibidwal

na pangangailangang medikal. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa anumang naaangkop na lugar sa komunidad nang personal, sa pamamagitan ng pagtawag, o sa pamamagitan ng telehealth.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Outpatient ang assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pagkonsumo ng alak at iba pang sakit sa paggamit ng hindi opioid na substance, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at sakit sa paggamit ng substance at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis.

**Mga Intensive na Serbisyo sa Outpatient**

- Ang Mga Intensive na Serbisyo sa Outpatient ay ibinibigay sa mga benepisyaryo nang minimum na siyam na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga nasa hustong gulang, at minimum na anim na oras na may maximum na 19 na oras sa isang linggo para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Pangunahing binubuo ang mga serbisyo ng pagpapayo at edukasyon tungkol sa mga problemang nauugnay sa adiksyon. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay ng isang lisensyadong propesyonal o isang sertipikadong tagapayo sa isang structured na setting. Maaaring ibigay ang Mga Intensive na Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag.

---

- Maaaring ibigay ang Mga Intensive na Serbisyo ng Paggamot sa Outpatient nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng telepono. Ang tumaas na bilang ng mga oras ng serbisyo ay ang pangunahing pagkakaiba.

**Hindi Ganap na Pagkakaospital** (iba-iba sa bawat county)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagang at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Kasama sa mga serbisyo ng Hindi Ganap na Pagkakaospital ang 20 o higit pang oras ng clinically intensive programming bawat linggo, kung medikal na kinakailangan. Ang mga programa ng hindi ganap na pagkakaospital ay karaniwang may direktang access sa mga serbisyong psychiatric, medikal, at laboratoryo

at nakakatugon sa mga natukoy na pangangailangan na nangangailangan ng pang-araw-araw na pagsubaybay o pamamahala, ngunit maaaring matugunan nang naaangkop sa isang klinikal na intensive outpatient setting. Maaaring ibigay ang mga serbisyo nang personal, sa pamamagitan ng synchronous telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag.

- Ang mga serbisyo ng Hindi Ganap na Pagkakaospital ay katulad ng Mga Intensive na Serbisyo sa Outpatient, kung saan ang pangunahing pagkakaiba ay ang pagtaas sa bilang ng mga oras at karagdagang access sa mga serbisyong medikal.

**Paggamot sa Residente** (napapailalim sa awtorisasyon ng county)

- Ang Paggamot sa Residente ay isang hindi institusyonal, 24 na oras na hindi medikal, panandaliang programa sa residente na

nagbibigay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon sa mga benepisyaryo na na-diagnose na may karamdaman sa paggamit ng substance kapag natukoy na medikal na kinakailangan. Ang benepisyaryo ay maninirahan sa lugar at dapat suportahan sa kanilang mga pagsisikap na maibalik, mapanatili, magamit ang interpersonal at independiyenteng mga kasanayan sa pamumuhay, at ma-access ang mga sistema ng suporta sa komunidad. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin para magbigay ng mga serbisyo habang ang isang tao ay nasa ilalim ng paggamot sa residente. Ang mga provider at residente ay nagtutulungan para tukuyin ang mga hadlang, magtakda ng mga priyoridad, bumuo ng mga layunin, at lutasin ang mga problemang nauugnay sa sakit sa paggamit ng

---

substance. Kasama sa mga layunin ang pagsasagawa ng abstinence, paghahanda para sa mga relapse trigger, pagpapabuti ng personal na kalusugan, at pakikihalubilo, at pakikibahagi sa patuloy na pangangalaga.

- Ang mga serbisyo sa residente ay nangangailangan ng paunang awtorisasyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Residente ang paggamit at assessment, koordinasyon ng pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo sa grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa pagkonsumo ng alak at iba pang karamdaman sa paggamit ng hindi opioid na substance,

---

edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis at sakit sa paggamit ng substance.

- Ang mga provider ng Serbisyo sa Residente ay kinakailangang mag-alok ng mga gamot para sa paggamot sa adiksyon sa mismong site o padaliin ang pagkuha ng mga gamot para sa paggamot sa adiksyon sa labas ng site sa panahon ng paggamot sa residente. Hindi natutugunan ng mga provider ng Serbisyo sa Residente ang kinakailangang ito sa pamamagitan lang ng pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga gamot para sa mga provider ng paggamot sa adiksyon. Ang mga provider ng Serbisyo sa Residente ay kinakailangang mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw sa ilalim ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.

---

**Mga Serbisyo sa Paggamot sa Inpatient** (napapailalim sa awtorisasyon ng county) (iba-iba bawat county)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagang at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Ang mga serbisyo sa inpatient ay makukuha nang 24 na oras na nagbibigay ng propesyonal na direksyon sa pagsusuri, obserbasyon, medikal na pagsubaybay, at paggamot sa adiksyon sa isang inpatient. Karamihan sa mga serbisyo ay ibinibigay nang personal; gayunpaman, ang telehealth at telepono ay maaari ding gamitin para magbigay ng mga serbisyo sa inpatient habang ginagamot.
- Ang mga serbisyo sa inpatient ay organisado, at ang malamang na available ang isang doktor sa

---

site nang 24 na oras araw-araw, kasama ang mga Rehistradong Nurse, mga tagapayo sa adiksyon, at iba pang klinikal na kawani. Kasama sa Mga Serbisyo sa Inpatient ang assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng alkohol at iba pang sakit sa paggamit ng hindi opioid na substance, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at sakit sa paggamit ng substance at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis.

**Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics**

- Ang Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ay mga programang outpatient na nagbibigay ng mga gamot na inaprubahan ng

---

FDA para gamutin ang mga karamdaman sa paggamit ng substance kapag itinuring ng isang manggagamot na medikal na kinakailangan. Ang Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ay kinakailangang mag-alok at magreseta ng mga gamot sa mga benepisyaryo na saklaw ng pormularyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal kabilang ang methadone, buprenorphine, naloxone, at disulfiram.

- Ang isang benepisyaryo ay dapat mag-alok nang hindi bababa sa 50 minuto ng mga session ng pagpapayo kada buwan. Ang mga serbisyong ito sa pagpapayo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag. Kasama sa Mga Serbisyo sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics ang assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo, therapy ng pamilya,

medikal na psychotherapy, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa pagkonsumo ng alkohol at iba pang sakit sa paggamit ng hindi opioid na substance, edukasyon ng pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, at sakit sa paggamit ng substance at mga serbisyo ng interbensyon sa krisis.

**Pamamahala sa Withdrawal**

- Ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal ay agarang kinakailangan at ibinibigay nang panandalian. Ang mga serbisyo ng Pamamahala sa Withdrawal ay maaaring ibigay bago makumpleto ang isang buong assessment at maaaring ibigay sa isang outpatient, residente, o inpatient.

- Anupaman, ang benepisyaryo ay dapat na subaybayan sa panahon ng proseso ng pamamahala ng withdrawal. Ang mga benepisyaryo na tumatanggap ng pamamahala sa withdrawal sa residential o inpatient na setting ay dapat manatili sa pasilidad. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangang habilitative at rehabilitative ay inirereseta ng isang lisensyadong doktor o lisensyadong tagapagreseta.
- Kasama sa Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Withdrawal ang assessment, koordinasyon sa pangangalaga, mga serbisyo ng gamot, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa sakit sa paggamit ng opioid, Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon para sa karamdaman sa pagkonsumo ng alkohol at iba pang karamdaman sa paggamit ng substance na hindi

opioid, obserbasyon, at mga serbisyo sa pagpapagaling.

**Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon**

- Ang mga gamot para sa Mga Serbisyo sa Paggamot sa Adiksyon ay makukuha sa mga klinikal at hindi klinikal na setting. Kasama sa Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon ang lahat ng gamot na inaprubahan ng FDA at biological na produkto para gamutin ang sakit sa pagkonsumo ng alak, paggamit ng opioid, at anupamang sakit sa paggamit ng substance. Ang mga benepisyaryo ay may karapatan na mag-alok ng Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon sa mismong site o sa pamamagitan ng referral sa labas ng pasilidad. Kasama sa listahan ng mga inaprubahang gamot ang:
    - Acamprosate Calcium
    - Buprenorphine Hydrochloride

- Buprenorphine Extended-Release Injectable (Sublocade)
- Buprenorphine/Naloxone Hydrochloride
- Naloxone Hydrochloride
- Naltrexone (iniinom)
- Naltrexone Microsphere Injectable Suspension (Vivitrol)
- Lofexidine Hydrochloride (Lucemyra)
- Disulfiram (Antabuse)
- Methadone (dine-deliver ng Mga Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics)

* Ang mga gamot para sa Paggamot sa Adiksyon ay maaaring ibigay kasama ng mga sumusunod na serbisyo: assessment, koordinasyon ng pangangalaga, pagpapayo sa indibidwal, pagpapayo ng grupo, therapy sa pamilya, mga serbisyo sa gamot, edukasyon sa pasyente, mga serbisyo sa pagpapagaling, mga serbisyo ng interbensyon sa krisis sa problema sa

---

paggamit ng substance, at mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal. Ang mga gamot para sa Paggamot sa Adiksyon ay maaaring ibigay bilang bahagi ng lahat ng serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, kabilang halimbawa ang Mga Serbisyo sa Paggamot ng Outpatient, Mga Intensive na Serbisyo sa Outpatient, at Paggamot sa Residente.

- Maa-access ng mga benepisyaryo ang Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon sa labas ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Halimbawa, ang mga gamot para sa paggamot sa adiksyon, tulad ng buprenorphine, ay maaaring ireseta ng ilang nagrereseta sa mga setting ng pangunahing pangangalaga na nakikipagtulungan sa iyong Plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (ang karaniwang “Fee for Service” na

programa ng Medi-Cal) at maaaring ibigay o pangasiwaan sa isang parmasya.

**Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer**(iba-iba bawat county)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagang at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ay opsyonal para sa mga kalahok na county.
- Ang Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ay mga serbisyo sa indibidwal at grupo na nagtataguyod ng pagpapagaling, katatagan, pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagsasarili, pagtataguyod sa sarili, pagbuo ng mga natural na suporta, at pagkilala sa mga kakayahan sa pamamagitan ng mga planadong aktibidad. Ang

---

mga serbisyong ito ay maaaring ibigay sa iyo o sa iyong (mga) itinalagang makabuluhang taong tagasuporta at maaaring matanggap kasabay ng pagtanggap mo ng iba pang serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Ang Peer Specialist sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ay isang indibidwal na may karanasan sa kalusugan ng isip o mga kondisyon ng paggamit ng substance at nagpapagaling na nakakumpleto ng mga kinakailangan ng programa ng sertipikasyon na inaprubahan ng Estado ng isang county, na na-certify ng mga county, at nagbibigay ng mga serbisyong ito sa utos ng isang Propesyonal sa Kalusugan Kaugnay ng Pag-uugali na lisensyado, na-waive, o nakarehistro sa Estado.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Suporta ng Peer ang indibidwal at panggrupong coaching, mga grupo sa pagbuo ng kasanayang pang-

---

edukasyon, paghahanap ng madudulugan, mga serbisyo sa pakikipag-ugnayan para hikayatin kang lumahok sa paggamot sa kalusugan kaugnay ng pag-uugali, at mga aktibidad na pang-therapy tulad ng pagtataguyod ng self-advocacy.

**Mga Serbisyo sa Pagpapagaling**

- Ang Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ay maaaring mainam sa iyong paggaling at kalusugan. Matutulungan ka ng mga serbisyo sa pagpapagaling na ikonekta sa komunidad ng paggamot para pamahalaan ang iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan. Samakatuwid, binibigyang-diin ng serbisyong ito ang iyong tungkulin sa pamamahala ng iyong kalusugan, paggamit ng epektibong mga diskarte sa suporta sa pamamahala sa sarili, at pag-aayos ng mga madudulugan sa komunidad

para magbigay ng patuloy na suporta sa pamamahala sa sarili.

- Maaari kang makatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapagaling batay sa iyong assessment sa sarili o assessment ng provider ng panganib ng pagbalik ng sakit. Ang mga serbisyo ay maaaring ibigay nang personal, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag.
- Kasama sa Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ang assessment, koordinasyon sa pangangalaga, indibidwal na pagpapayo, pagpapayo ng grupo, therapy sa pamilya, pagsubaybay sa pagpapagaling, at mga pag-iwas sa pagbalik ng sakit.

**Koordinasyon ng Pangangalaga**

- Ang Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ay binubuo ng mga aktibidad para magbigay ng koordinasyon ng

pangangalaga sa sakit sa paggamit ng substance, pangangalaga sa kalusugan ng isip, at pangangalagang medikal, at para magbigay ng mga koneksyon sa mga serbisyo at suporta para sa iyong kalusugan. Ang Koordinasyon ng Pangangalaga ay ibinibigay kasama ng lahat ng serbisyo at maaaring mangyari sa mga klinikal o hindi klinikal na setting, kabilang sa iyong komunidad.

- Kasama sa Mga Serbisyo sa Koordinasyon ng Pangangalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga medikal na provider at provider ng kalusugan para subaybayan at suportahan ang mga kondisyon ng kalusugan, pagpaplano sa paglabas ng ospital, at pakikipag-ugnayan sa mga pantulong na serbisyo kabilang ang pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong nakabatay sa komunidad tulad ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at pabahay.

---

**Pamamahala ng Contingency** (iba-iba sa bawat county)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagang at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Ang pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay opsyonal para sa mga kalahok na county.
- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay isang evidence-based na paggamot para sa sakit sa paggamit ng stimulant kung saan ang mga kwalipikadong benepisyaryo ay lalahok sa isang planadong 24 na linggong serbisyo sa outpatient na Pamamahala ng Contingency, na susundan ng anim o higit pang buwan ng karagdagang

paggamot at mga serbisyo sa suporta sa pagpapapagaling nang walang insentibo.

- Kasama sa paunang 12 linggo ng mga serbisyo ng Pamamahala ng Contingency ang pagbibigay ng mga insentibo para matugunan ang mga layunin sa paggamot, partikular na ang hindi paggamit ng mga stimulant (hal., cocaine, amphetamine, at methamphetamine) na mave-verify sa pamamagitan ng mga pagsusuri ng ihi. Ang mga insentibo ay mga katumbas ng pera (hal., mga gift card).
- Ang Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Contingency ay magagamit lang sa mga benepisyaryo na tumatanggap ng mga serbisyo sa isang hindi pang-residente na setting na pinamamamahalaan ng isang kalahok na provider at naka-enroll at nakikilahok sa isang komprehensibo, indibidwal na kurso ng paggamot.

---

**Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis** (iba-iba sa bawat county)

- Ang mga benepisyaryong wala pang 21 taong gulang ay maaaring maging kwalipikado para sa serbisyo sa ilalim ng Maagang at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot anuman ang kanilang county na tinitirahan.
- Available ang Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis kung nakakaranas ka ng problema kaugnay ng kalusugan ng isip at/o paggamit ng substance (“krisis sa kalusugan ng pag-uugali”).
- Ang Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis ay mga serbisyong ibinibigay ng mga propesyonal sa kalusugan sa lokasyon kung saan ka nakakaranas ng krisis, kabilang sa iyong tahanan, trabaho, paaralan, o anumang iba pang lokasyon, hindi kasama ang ospital o iba pang setting ng pasilidad. Ang Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis ay magagamit 24 na oras sa

---

isang araw, 7 araw sa isang linggo, at 365 araw sa isang taon.

- Kasama sa Mga Mobile na Serbisyo sa Krisis ang mabilis na pagtugon, indibidwal na assessment at pagpapatatag na nakabatay sa komunidad. Kung kailangan mo ng karagdagang pangangalaga, ang mga mobile provider ay mag-aayos din ng mga pag-handoff sa harap ng pasyente o mga referral sa ibang serbisyo.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Koponan ng Mobile na Pagresponde sa Krisis (Mobile Crisis Response Team, MCRT) ng Mga Serbisyo sa Kalusugan Kaugnay ng Pag-uugali (Behavioral Health Services, BHS) ng County ng San Diego, puntahan ang sumusunod na link: https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/BHS_MCRT/About_MCRT.html

**Screening, Assessment, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot**

Ang Screening sa Pagkonsumo ng Alak at Droga, Assessment, Maikling Interbensyon at Referral sa Paggamot ay hindi benepisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Ito ay isang benepisyo sa Medi-Cal Fee-for-Service at Medi-Cal managed care delivery system para sa mga benepisyaryo na may edad na 11 at mas matanda. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substance, kabilang ang pagsusuri sa pagkonsumo ng alak at droga, assessment, mga maikling interbensyon, at referral sa paggamot (Screening, Assessment, Brief Interventions, and Referral to Treatment, SABIRT) para sa mga benepisyaryo na 11 taong gulang at mas matanda.

---

**Mga Serbisyo ng Maagang Interbensyon**

Ang mga serbisyo ng maagang interbensyon ay isang saklaw na serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang. Ang sinumang benepisyaryo na wala pang edad na 21 na na-screen at natukoy na nanganganib na magkaroon ng sakit sa paggamit ng substance ay maaaring makatanggap ng anumang serbisyong saklaw sa ilalim ng antas ng serbisyo ng outpatient bilang mga serbisyo ng maagang interbensyon. Hindi kinakailangan ang diagnosis ng sakit sa paggamit ng substance para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang.

**Maagang Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot**

Ang mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang ay kwalipikadong makakuha ng mga

---

serbisyong inilarawan sa unang bahagi ng handbook na ito pati na rin ng mga karagdagang serbisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng benepisyong tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

Para maging kwalipikado sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot, ang isang benepisyaryo ay dapat na wala pang 21 taong gulang at may kumpletong saklaw na Medi-Cal. Ang Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot ay sumasaklaw sa mga serbisyo na medikal na kinakailangan para iwasto o matulungan ang mga depekto at kondisyong pangkalusugan ng pangangatawan o pag-iisip. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapahusay, o gumagawa ng isang kundisyon na mas matatagalan ay itinuturing na makakatulong sa kundisyon at sinasaklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot. Ang pamantayan sa pagkakwalipikado ng mga benepisyaryo na wala pang edad 21 ay naiiba at

mas flexible kaysa sa pamantayan sa pagkakwalipikado ng mga nasa hustong gulang na nakakakuha ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, para matugunan ang itinagubiling Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot at ang layunin para sa pag-iwas sa sakit at maagang interbensyon ng mga kondisyon ng sakit sa paggamit ng substance.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot, puntahan ang DHCS Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment webpage.

**Makukuha ang Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Substance mula sa Mga Plano sa Pinamamahalaang Pangangalaga o "Regular" na "Fee for Service" na Programa ng Medi-Cal**

Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat magkaloob ng mga saklaw na serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substance, kabilang

ang ebalwasyon sa pagkonsumo ng alak at droga, assessment, mga maikling interbensyon, at referral sa paggamot (SABIRT) para sa mga benepisyaryo na edad 11 at mas matanda, kabilang ang mga buntis na miyembro, sa mga setting ng pangunahing pangangalaga at screening sa pagkonsumo ng tabako, alak, at ipinagbabawal na gamot. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat ding magkaloob o magsaayos ng pagbibigay ng Mga Gamot para sa Paggamot sa Adiksyon (kilala rin bilang Paggamot na Suportado ng Gamot) na ibinibigay sa mga pasilidad ng pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, mga emergency department, at iba pang kinontratang medikal na pasilidad. Ang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga ay dapat ding magkaloob ng mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para i-stabilize ang benepisyaryo, kabilang ang boluntaryong pag-detox ng inpatient.

---

**Karagdagang Impormasyong Partikular sa County**

Para sa mas kumpletong paglalarawan ng mga serbisyo sa itaas na magagamit at para sa karagdagang impormasyon para sa mga serbisyong nauugnay sa mga karamdaman sa paggamit ng substance, tawagan ang Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711).

# PAANO MAKAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG ORGANISADONG SISTEMA NG PAG-DELIVER NG DRUG MEDI-CAL

## Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance, maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Maaari ka ring i-refer sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county para sa mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance sa ibang paraan.

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay kinakailangang tumanggap ng mga referral para sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance mula sa mga doktor, propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali, at iba pang pangunahing

---

provider ng pangangalaga na sa palagay mo ay maaaring kailanganin ang mga serbisyong ito at mula sa iyong planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga sa Medi-Cal, kung ikaw ay benepisyaryo. Kadalasan, ang iyong general practitioner o ang planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal ay mangangailangan ng iyong pahintulot o ng pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng isang bata para gawin ang referral, maliban kung may emergency. Ang ibang tao at organisasyon ay maaari ding gumawa ng mga referral sa county, kabilang ang mga paaralan; mga departamento ng welfare o social service ng county; mga conservator, tagapag-alaga o miyembro ng pamilya; at mga ahensyang nagpapatupad ng batas.

Ang mga saklaw na serbisyo ay makukuha sa pamamagitan ng network ng provider ng County ng San Diego. Kung tutol ang sinumang kinontratang provider na gawin o kung hindi man ay suportahan ang anumang saklaw na serbisyo, maghahanap ang County ng San Diego ng isa pang provider para

isagawa ang serbisyo. Hindi maaaring tanggihan ng iyong county ang isang kahilingan na gumawa ng paunang assessment para matukoy kung natutugunan mo ang pamantayan para makuha ang mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

Ang County ng San Diego bilang isang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay kinakailangang payagan ang isang benepisyaryo na magpatuloy sa pagtanggap ng saklaw na (mga) serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal mula sa isang provider na wala sa network kapag natukoy sa kanilang assessment na, sa kawalan ng patuloy na mga serbisyo, ang benepisyaryo ay makakaranas ng malubhang pinsala sa kanilang kalusugan o manganganib na maospital o dalhin sa isang institusyon.

Ang mga serbisyo sa paggamot ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal kasama ang kasalukuyang provider ay dapat magpatuloy

---

nang hindi hihigit sa siyamnapung (90) araw maliban kung kailangang magpatuloy ang mga serbisyo sa mas mahabang panahon, nang hindi hihigit sa 12 buwan. Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego ay dapat magkaloob sa isang benepisyaryo ng paglipat ng pangangalaga sa isang provider na wala sa network kapag ang lahat ng sumusunod na pamantayan ay natugunan:

1. Natukoy ng County sa pamamagitan ng assessment na ang paglipat ng isang benepisyaryo sa isang bagong provider ay magreresulta sa isang malubhang pinsala sa kalusugan ng benepisyaryo, o magbubunga ng isang panganib ng pagkakaospital o pagdala sa isang institusyon;
2. Natukoy ng County na ang benepisyaryo ay may kasalukuyang kaugnayan sa isang provider na wala sa network (hindi sapat ang pagpapatotoo

para magbigay ng patunay ng isang relasyon sa isang provider);

   a. Ang isang kasalukuyang relasyon ay nangangahulugan na ang benepisyaryo ay tumatanggap ng paggamot mula sa wala sa network na provider bago ang petsa ng kanyang paglipat sa DMC-ODS County.

3. Ang provider na wala sa network ay handang tanggapin ang mas mataas sa mga rate ng kontrata ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego o mga rate ng Drug Medi-Cal para sa naaangkop na (mga) serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal;
4. Ang provider na wala sa network ay nakakatugon sa mga naaangkop na propesyonal na pamantayan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego at walang isyu sa kalidad

ng pangangalaga (ang isang isyu sa kalidad ng pangangalaga ay nangangahulugang maaaring idokumento ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego ang mga alalahanin nito sa kalidad ng pangangalaga ng provider hanggang sa ang provider ay hindi na magiging kwalipikadong magbigay ng mga serbisyo sa sinumang iba pang benepisyaryo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal);

5. Ang provider ay na-verify bilang isang kasalukuyang sertipikadong provider ng Drug Medi-Cal; at
6. Ang provider na wala sa network ay nagbibigay sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego ng lahat ng nauugnay na impormasyon sa paggamot, para sa mga layunin ng pagtukoy ng medikal na pangangailangan at pagbuo ng kasalukuyang

plano sa paggamot, hangga't ito ay naaayon sa pederal at estado. mga batas at regulasyon sa privacy. Bukod pa riyan, binibigyan ng provider ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ng San Diego ng lahat ng nauugnay na data ng resulta.

**Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal?**

Ang County ng San Diego ay nakikilahok sa programa ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Dahil residente ka ng County ng San Diego, maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal sa county kung saan ka nakatira sa pamamagitan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Para sa mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal na hindi ibinigay sa loob ng iyong county,

gagawan ng paraan ng iyong county na makatanggap ka ng mga serbisyo sa labas ng county kung kinakailangan at naaangkop. Ang County ng San Diego ay may mga provider ng paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na gagamot sa mga kondisyon na saklaw ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Ang ibang county na hindi nakikilahok sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ay maaaring magbigay ng mga sumusunod na serbisyo ng Drug Medi-Cal:

- Intensive na Paggamot sa Outpatient
- Paggamot Kaugnay ng Narcotics
- Paggamot sa Outpatient
- Serbisyo sa Pang-aabuso sa Substance ng Perinatal na Residente (hindi kasama ang kwarto)

Kung wala ka pang edad 21, kwalipikado ka rin para sa mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong

Screening, Diagnosis, at Paggamot sa alinmang ibang county sa buong estado.

**Pangangalaga Pagkatapos ng Mga Karaniwang Oras ng Negosyo**

Kung kailangan mo ng mga serbisyo pagkatapos ng mga oras ng negosyo o sa katapusan ng linggo, maaari kang tumawag sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para malaman kung may available na provider ng paggamot para pagsilbihan ka kaagad. Gayunpaman, karamihan sa mga provider ng paggamot sa outpatient at residente ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente sa gabi o katapusan ng linggo. Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyo sa paggamot, maaari kang makipag-usap sa iyong provider ng paggamot para matuto pa tungkol sa kung kailan ka maaaring pagsilbihan ng mga kawani pagkatapos ng mga oras ng negosyo.

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan Ko ng Tulong?**

Maraming tao ang nahihirapan sa buhay at maaaring makaranas ng mga problemang nauugnay sa paggamit ng substance. Ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan ay may mahihingan ng tulong. Kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal, at sa palagay mo ay maaaring kailanganin mo ng propesyonal na tulong, dapat kang humiling ng assessment mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county para masigurado dahil kasalukuyan kang naninirahan sa isang kalahok na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

**Paano Ko Malalaman Kung Kailangan ng Isang Bata o Teenager ng Tulong?**

Maaari kang makipag-ugnayan sa kalahok na Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county para sa isang assessment

---

para sa iyong anak o teenager kung sa tingin mo ay nagpapakita sila ng alinman sa mga senyales ng paggamit ng substance. Kung ang iyong anak o teenager ay kuwalipikado para sa Medi-Cal at ang assessment ng county ay nagsasaad na ang mga serbisyo sa paggamot sa droga at alak na saklaw ng kalahok na county ay kailangan, sisikapin ng county na matanggap ng iyong anak o teenager ang mga serbisyo.

**Kailan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County?**

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay dapat matugunan ang mga pamantayan ng oras ng appointment ng estado kapag nag-iiskedyul ng appointment para makatanggap ka ng mga serbisyo mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Dapat mag-alok sa iyo ang

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ng appointment na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan sa oras ng appointment:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang kahilingan na magsimula ng mga serbisyo sa isang provider ng sakit sa paggamit ng substance para sa outpatient at intensive na serbisyo sa outpatient;
- Sa loob ng 3 araw ng negosyo ng iyong kahilingan para sa mga serbisyo ng Programa sa Paggamot Kaugnay ng Narcotics;
- Isang follow-up na hindi agarang appointment sa loob ng 10 araw kung sumasailalim ka sa isang kurso ng paggamot para sa isang patuloy na sakit sa paggamit ng substance, maliban sa ilang partikular na kaso na tinukoy ng iyong gumagamot na provider.

---

Gayunpaman, ang mga oras na ito ay maaaring mas mahaba kung matutukoy ng iyong provider na ang mas mahabang oras ng paghihintay ay medikal na naaangkop at hindi makakapinsala sa iyong kalusugan. Kung sinabihan kang inilagay ka sa isang waitlist at sa tingin mo na ang haba ng oras ay makakasama sa iyong kalusugan, makipag-ugnayan sa iyong plano. May karapatan kang maghain ng karaingan kung hindi ka makakatanggap ng napapanahong pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paghahain ng karaingan, pakitingnan ang seksyong "Ang Proseso ng Karaingan" ng handbook na ito.

**Sino ang Magpapasya Kung Aling Mga Serbisyo ang Makukuha Ko?**

Ikaw, ang iyong provider, at ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay kasangkot sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa

pamamagitan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Makikipag-usap sa iyo ang isang provider ng serbisyo ng sakit sa paggamit ng substance, at sa pamamagitan ng kanilang assessment ay tutulong silang magrekomenda kung aling mga serbisyo ang naaangkop batay sa iyong mga pangangailangan. Makakatanggap ka ng ilang serbisyo habang isinasagawa ng iyong provider ang assessment na ito.

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat magbigay ng mga serbisyong medikal na kinakailangan na makakatulong para itama o pabutihin ang iyong kalagayan sa kalusugan ng isip. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o gumagawa ng mas matitiis na

---

kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali ay itinuturing na medikal na kinakailangan.

## PAANO MAKAKUHA NG MGA SERBISYO NG KALUSUGAN NG ISIP

### Saan Ako Makakakuha ng Mga Espesyal na Serbisyo ng kalusugan ng isip?

Maaari kang makakuha ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip sa county kung saan ka nakatira, at sa labas ng iyong county kung kinakailangan. Para sa karagdagang impormasyon o para makatanggap ng referral, maaari kang makipag-ugnayan sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Ang bawat county ay may espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip para sa mga bata, kabataan, nasa hustong gulang, at matanda. Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, kwalipikado ka para sa karagdagang pagsaklaw at mga benepisyo sa ilalim ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

Tutukuyin ng iyong plano sa kalusugan ng isip kung natutugunan mo ang mga pamantayan sa

---

pagkakwalipikado para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Kung kwalipikado ka, ire-refer ka ng plano sa kalusugan ng isip sa isang provider na mag-a-assess ng iyong mga pangangailangan para matukoy kung aling mga serbisyo ang inirerekomenda para matugunan ang iyong mga pangangailangan. Maaari ka ring humiling ng assessment mula sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga kung naka-enroll ka bilang isang benepisyaryo na may plano sa pinamamahalaang pangangalaga. Kung matukoy ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga na natutugunan mo ang mga pamantayan sa pagkakwalipikado para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip, ire-refer ka ng plano ng pinamamahalaang pangangalaga para makatanggap ng mga serbisyo mula sa plano sa kalusugan ng isip o tulungan kang ilipat ang iyong mga serbisyo mula sa plano ng pinamamahalaang

pangangalaga patungo sa plano sa kalusugan ng isip. Maaari kang makatanggap ng mga hindi espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng iyong pinamamahalaang plano ng pangangalaga bilang karagdagan sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng isip. Maa-access mo ang mga serbisyong ito sa pamamagitan ng iyong provider ng kalusuga ng isip kung matukoy ng iyong provider na ang mga serbisyo ay klinikal na naaangkop para sa iyo at hangga't ang mga serbisyong iyon ay nakoordina at hindi nadoble.

## MGA PAMANTAYAN SA PAGKAKWALIPIKADO AT MEDIKAL NA PANGANGAILANGAN

### Ano Ang Mga Pamantayan sa Pagkakwalipikado Para sa Saklaw ng Mga Serbisyo sa Paggamot sa Sakit sa Paggamit ng Substance?

Bilang bahagi ng pagpapasya kung kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay makikipagtulungan sa iyo at sa iyong provider para magpasya kung natutugunan mo ang pamantayan sa pag-access para makatanggap ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Ipinapaliwanag ng seksyong ito kung paano gagawin ng iyong kalahok na county ang desisyong iyon.

Makikipagtulungan sa iyo ang iyong provider para magsagawa ng assessment upang matukoy kung aling mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng

Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ang pinakaangkop para sa iyo. Ang assessment na ito ay dapat isagawa nang harapan, sa pamamagitan ng telehealth, o sa pamamagitan ng pagtawag. Maaari kang makatanggap ng ilang serbisyo habang nagaganap ang assessment. Pagkatapos makumpleto ng iyong provider ang assessment, tutukuyin nila kung natutugunan mo ang sumusunod na pamantayan sa pagkakwalipikado para makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal:

- Naka-enroll ka dapat sa Medi-Cal.
- Dapat ay naninirahan ka sa isang county na nakikilahok sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.
- Dapat ay mayroon kang kahit isang diagnosis lang mula sa Diagnostic at Statistical Manual ng Sakit sa Pag-iisip para sa Sakit na Nauugnay na

Substance at Adiksyon (maliban sa Mga Sakit na Nauugnay sa Tabako at Sakit na Hindi Nauugnay sa Substance) o nagkaroon ng kahit isang diagnosis lang mula sa Diagnostic at Statistical Manual Sakit sa Pag-iisip para sa Sakit na Nauugnay na Substance at Adiksyon bago makulong o habang nakakulong (maliban sa Mga Sakit na Nauugnay sa Tabako at Sakit na Hindi Nauugnay sa Substance).

Ang mga benepisyaryo na wala pang edad 21 ay maaaring matanggap ang lahat ng serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal kapag ang isang provider ay nagpasiya na ang serbisyo ay magtatama sa maling paggamit ng substance o makakatulong sa ganitong sakit, kahit na wala pang diagnosis. Kahit na hindi lumalahok ang iyong tinitirhang county sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, kung

wala la pang 21 taong gulang, maaari mo pa ring matanggap ang mga serbisyong ito.

**Ano ang Medikal na Pangangailangan?**

Ang mga serbisyong natatanggap mo ay dapat na medikal na kinakailangan at naaangkop para matugunan ang iyong kondisyon. Para sa mga indibidwal na 21 taong gulang at mas matanda, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kapag ito ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang sakit o kapansanan, o para maibsan ang matinding sakit. Para sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung itinatama o nakakatulong ang serbisyo sa maling paggamit ng substance, o sa isang sakit sa paggamit ng substance. Ang mga serbisyong nagpapanatili, sumusuporta, nagpapabuti, o gumagawa ng mas matitiis na maling paggamit ng substance o isang karamdaman sa

paggamit ng substance ay itinuturing na makakatulong sa kondisyon at sa gayon ay saklaw bilang mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggamot.

## PAGPILI NG PROVIDER

### Paano Ako Makakahanap ng Provider Para sa Mga Serbisyo sa Paggamot ng Sakit sa Paggamit ng Substance na Kailangan Ko?

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay maaaring maglagay ng ilang limitasyon sa pagpili mo ng mga provider. Maaari mong hilingin sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county na bigyan ka ng paunang listahan ng mga pagpipiliang provider. Dapat ding pahintulutan ka ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county na magpalit ng mga provider. Kung hihilingin mong magpalit ng provider, dapat kang pahintulutan ng county na pumili ng provider sa anumang posible at naaangkop na paraan.

Kinakailangan ng iyong county na mag-post ng kasalukuyang direktoryo ng provider online. Kung

mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasalukuyang provider o gusto mo ng updated na direktoryo ng provider, bisitahin ang website ng iyong county https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html o tumawag sa toll-free na numero ng telepono ng county sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY: 711). Ang kasalukuyang direktoryo ng provider ay makukuha sa website ng county, o maaari kang makakuha ng papel na kopya sa koreo kapag hiniling.

Kung minsan, pinipili ng mga provider ng kontrata ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na hindi na magbigay ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal bilang provider ng county, hindi na makipagkontrata sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, o hindi na

---

tumatanggap ng mga pasyente ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal kapag hiniling ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Kapag nangyari ito, dapat magsikap ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na magbigay ng nakasulat na abiso ng terminasyon ng isang kinontratang provider ng county sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap o mailabas ang paunawa ng terminasyon, sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo ng paggamot sa sakit sa paggamit ng substance mula sa provider.

Ang mga indibidwal na American Indian at Alaska Native na kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa mga county na nag-opt in sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county, ay maaari ding tumanggap ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa pamamagitan ng

Indian Health Care Provider na may kinakailangang sertipikasyon ng Drug Medi-Cal.

**Kapag Nakahanap na Ako ng Provider, Masasabi ba ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County sa Provider Kung Anong Mga Serbisyo ang Nakukuha Ko?**

Ikaw, ang iyong provider, at ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay kasangkot sa pagpapasya kung anong mga serbisyo ang kailangan mong matanggap sa pamamagitan ng county sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan sa pagkakwalipikado para sa mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal. Kung minsan ipapaubaya ng county ang desisyon sa iyo at sa provider. Sa ibang pagkakataon, maaaring hilingin ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa iyong provider na sabihin ang mga dahilan kung bakit iniisip ng provider na

kailangan mo ng serbisyo bago ibigay ang serbisyo. Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat gumamit ng isang kwalipikadong propesyonal para gawin ang pagsusuri.

Ang proseso ng pagsusuri na ito ay tinatawag na proseso ng awtorisasyon ng plano. Ang paunang awtorisasyon para sa mga serbisyo ay pinapayagan lang para sa mga serbisyo sa tirahan at inpatient (hindi kasama ang mga serbisyo sa pamamahala ng withdrawal). Ang proseso ng awtorisasyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat sumunod sa mga partikular na timeline. Para sa karaniwang awtorisasyon, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat gumawa ng desisyon sa kahilingan ng iyong provider sa loob ng 14 na araw.

Kung hihilingin mo o ng iyong provider, o kung sa tingin ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na makakabuti sa iyong makakuha ng higit pang impormasyon mula sa iyong provider, ang timeline ay maaaring pahabain ng hanggang sa karagdagang 14 na araw. Isang halimbawa ng kung kailan ang isang pagpapalawig ay maaaring sa ikabuti mo ay kapag sa palagay ng county ay maaari nitong aprubahan ang kahilingan ng iyong provider para sa awtorisasyon kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay nakakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong provider at kailangang tanggihan ang kahilingan nang walang impormasyon. Kung pinalawig ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang timeline, padadalhan ka ng county ng nakasulat na paunawa tungkol dito.

---

Kung hindi makakagawa ng desisyon ang county sa loob ng timeline na kinakailangan para sa isang pamantayan o isang pinabilis na kahilingan sa awtorisasyon, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat magpadala sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo na nagsasabi sa iyo na ang mga serbisyo ay tinanggihan at ikaw ay maaaring maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Maaari mong hilingin sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapahintulot nito.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa isang proseso ng awtorisasyon, maaari kang maghain ng apela sa county o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang seksyon na Paglutas ng Problema.

**Aling mga Provider ang Ginagamit ng Aking Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County?**

Kung bago ka sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, ang kumpletong listahan ng mga provider sa iyong Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay makikita sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html at naglalaman ng impormasyon tungkol sa kung saan makikita ang mga provider, ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na ibinibigay nila, at iba pang impormasyon para matulungan kang makuha ang pangangalaga, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkultura at wika na makukuha mula

sa mga provider. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga provider, tawagan ang iyong county sa toll-free na numero ng telepono sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711).

## ANG IYONG KARAPATAN NA I-ACCESS ANG MGA MEDIKAL NA REKORD AT IMPORMASYON SA DIREKTORYO NG PROVIDER GAMIT ANG MGA SMART DEVICE

Kinakailangang gumawa at magpanatili ng county ng isang secure na sistema para ma-access mo ang iyong mga rekord ng kalusugan at makahanap ng provider gamit ang mga karaniwang teknolohiya tulad ng isang computer, smart tablet, o mobile device. Ang sistemang ito ay tinatawag na Patient Access Application Programming Interface (API). Ang impormasyong isasaalang-alang sa pagpili ng aplikasyon para ma-access ang iyong mga medikal na rekord at mahanap ang isang provider ay makikita sa website ng iyong county.

Para sa mga tanong na nauugnay sa secure na system para ma-access ang iyong mga rekord ng kalusugan at medikal, mangyaring mag-email sa QIMatters.HHSA@sdcounty.ca.gov.

---

Para sa mahahanap na bersyon ng Direktoryo ng Provider ng BHS at para mahanap ang isang provider, pakibisita ang: https://sdcountybhs.com/ProviderDirectory.

## PAUNAWA SA SALUNGAT NA DESISYON SA BENEPISYO

### Anong mga Karapatan ang Mayroon Ako Kung Tatanggihan ng Sistema ng Organisadong Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ang Mga Serbisyong Gusto Ko o Sa Palagay Ko ay Kailangan Ko?

Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay tinanggihan, nililimitahan, binabawasan, inaantala o tinapos ang mga serbisyong gusto mo o pinaniniwalaang dapat mong makuha, mayroon kang karapatan sa isang nakasulat na Paunawa (tinatawag na "Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo") mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. May karapatan ka ring hindi sumang-ayon sa desisyon sa pamamagitan ng pag-apela. Tinatalakay ng mga seksyon sa ibaba ang iyong karapatan sa isang Paunawa at kung ano ang

---

gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county.

**Ano ang Salungat na Desisyon sa Benepisyo?**
Ang Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay nangangahulugang alinman sa mga sumusunod na aksyong ginawa ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county:

1. Ang pagtanggi o limitadong awtorisasyon ng isang hiniling na serbisyo, kabilang ang mga pagpapasiya batay sa uri o antas ng serbisyo, medikal na pangangailangan, kaangkupan, setting, o bisa ng isang saklaw na benepisyo.
2. Ang pagbawas, pagsuspinde, o pagwakas ng isang dating awtorisadong serbisyo.
3. Ang pagtanggi, sa lahat o bahagi lang, ng pagbabayad para sa isang serbisyo.
4. Ang kabiguang magbigay ng mga serbisyo sa isang napapanahong paraan.

5. Ang kabiguang kumilos sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon para sa karaniwang paglutas ng mga karaingan at apela. (Kung maghahain ka ng karaingan sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county at wala kang matatanggap na nakasulat na desisyon sa iyong karaingan sa loob ng 90 araw mula sa kanila. Kung maghahain ka ng apela sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county at wala kang matatanggap na nakasulat na desisyon sa iyong apela sa loob ng 30 araw, o kung naghain ka ng pinabilis na apela, at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng 72 oras.); o kaya
6. Ang pagtanggi sa kahilingan ng isang benepisyaryo na i-dispute ang pananagutan sa pananalapi.

**Ano ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?**

Ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay isang nakasulat na liham na ipapadala sa iyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county kung gagawa ito ng desisyon na tanggihan, limitahan, bawasan, antalahin, o wakasan ang mga serbisyong pinaniniwalaan mo at ng iyong provider na dapat mong makuha. Kabilang dito ang isang pagtanggi sa pagbabayad para sa isang serbisyo, isang pagtanggi batay sa pag-claim na ang mga serbisyo ay hindi saklaw, o isang pagtanggi na ang serbisyo ay para sa maling sistema ng pag-delivery, o isang pagtanggi sa isang kahilingan na i-dispute ang pananagutang pinansyal. Ginagamit din ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo para sabihin sa iyo kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa oras, o kung

hindi ka nakakuha ng mga serbisyo sa loob ng mga pamantayan ng timeline ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county para sa pagbibigay ng mga serbisyo.

**Oras ng Paunawa**

Dapat ipadala ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang paunawa sa benepisyaryo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang petsa ng aksyon para sa terminasyon, pagsususpinde, o pagbabawas ng dating awtorisadong serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Dapat ding ipadala ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang paunawa sa benepisyaryo sa loob ng dalawang araw ng negosyo ng desisyon para sa pagtanggi sa pagbabayad o para sa mga desisyon na nagreresulta sa pagtanggi, pagkaantala, o pagbabago ng lahat o bahagi ng

---

hiniling na mga serbisyo ng Organisadong Sisteme ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal.

**Palagi ba akong Makakakuha ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo Kapag Hindi Ko Nakuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko?**

Oo, dapat kang makatanggap ng Salungat na Desisyon sa Benepisyo. Gayunpaman, kung hindi ka makakatanggap ng paunawa, maaari kang maghain ng apela sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county o kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kapag nakipag-ugnayan ka sa iyong county, ipahiwatig na nakatanggap ka ng salungat na desisyon sa benepisyo pero wala kang natanggap na paunawa. Ang impormasyon kung paano maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay kasama sa handbook na ito. Dapat

ding available ang impormasyon sa opisina ng iyong provider.

**Ano ang Sasabihin sa Akin sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?**

Ito ang nakasaad sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo:

- Ang ginawa ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county na nakakaapekto sa iyo at sa iyong kakayahang makakuha ng mga serbisyo.
- Ang petsa ng bisa ng desisyon at ang dahilan kung bakit ginawa ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang desisyon nito.
- Ang mga tuntunin ng estado o pederal na sinunod ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county noong gumawa ito ng desisyon.

---

- Ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa ginawa ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Paano makatanggap ng mga kopya ng mga dokumento, talaan, at iba pang impormasyong nauugnay sa desisyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Paano maghain ng apela sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano humiling ng pinabilis na apela o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Paano makakuha ng tulong sa paghahain ng apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

---

- Gaano katagal bago maghain ng apela o humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Ang iyong mga karapatan na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo habang naghihintay ka para sa desisyon sa Apela o Patas na Pagdinig ng Estado, kung paano humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyong ito, at kung ang mga gastos ng mga serbisyong ito ay sasaklawin ng Medi-Cal.
- Kailan mo dapat ihain ang iyong kahilingan sa Apela o Patas na Pagdinig ng Estado kung gusto mong magpatuloy ang mga serbisyo.

**Ano ang Dapat Kong Gawin Kapag Nakatanggap Ako ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo?**

Kapag nakakuha ka ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo dapat mong basahin nang mabuti ang lahat ng impormasyon na nasa paunawa. Kung hindi mo naiintindihan ang

paunawa, matutulungan ka ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county. Maaari ka ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Maaari kang humiling ng pagpapatuloy ng serbisyo na hindi na ipinagpatuloy kapag nagsumite ka ng apela o kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado. Dapat mong hilingin ang pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 araw pagkatapos ng petsa na ang Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay namarkahan o personal na ibinigay sa iyo, o bago ang petsa ng bisa ng pagbabago.

## MGA PROSESO NG PAGLUTAS NG PROBLEMA

### Paano Kung Hindi Ko Makukuha ang Mga Serbisyong Gusto Ko Mula sa Plano ng Sistema ng Organisadong Paghahatid ng Gamot Medi-Cal ng County?

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyomng county ay may paraan para malutas mo ang isang problema tungkol sa anumang isyu na may kaugnayan sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na iyong natatanggap. Ito ay tinatawag na proseso ng paglutas ng problema at maaaring kasangkot ang mga sumusunod na proseso:

1. **Ang Proseso ng Karaingan** – isang pagpapahayag ng pagkadismaya tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance, maliban sa isang Salungat na Desisyon sa Benepisyo.

---

2. **Ang Proseso ng Apela** – pagsusuri sa isang desisyon (pagtanggi, terminasyon, o pagbawas ng mga serbisyo) na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county o ng iyong provider.
3. **Ang Proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado** – pagsusuri para matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na kung saan ay kwalipikado ka sa ilalim ng programang Medi-Cal.

Ang paghahain ng karaingan o apela o paghiling ng Patas na Pagdinig ng Estado ay hindi mabibilang laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyong iyong natatanggap. Kapag kumpleto na ang iyong hinaing o apela, aabisuhan ka ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug

Medi-Cal ng iyong county pati na ang mga provider at magulang/tagapag-alaga tungkol sa pinal na desisyon. Kapag kumpleto na ang iyong Patas na Pagdinig ng Estado, aabisuhan ka ng Tanggapan ng Patas na Pagdinig ng Estado at ang provider tungkol sa pinal na desisyon.

Alamin pa ang tungkol sa bawat proseso ng paglutas ng problema sa ibaba.

**Maaari ba akong Makakuha ng Tulong Para Maghain ng Apela, Karaingan, o Patas na Pagdinig ng Estado?**

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay may mga taong magpapaliwanag ng mga prosesong ito sa iyo at para tulungan kang mag-ulat ng problema bilang isang karaingan, apela, o kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado. Maaari din silang tulungan kang magpasya kung kwalipikado ka para sa tinatawag na 'pinabilis' na proseso, na

nangangahulugang mas mabilis itong susuriin dahil nasa panganib ang iyong kalusugan o lagay. Maaari mo ring pahintulutan ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, kasama ang iyong provider ng paggamot o tagapagtaguyod ng karamdaman sa paggamit ng substance. Dapat magbigay sa iyo ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ng anumang makatwirang tulong sa pagkumpleto ng mga form at iba pang hakbang na may kaugnayan sa isang karaingan o apela. Kabilang dito, pero hindi limitado, ang pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter at toll-free na numero na may TTY/TDD.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa mga serbisyo sa tirahan, maaari mong tawagan ang Programa ng Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS) sa (619) 282-1134.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa outpatient o anupamang serbisyo sa sakit sa paggamit ng

---

substance, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang toll-free na numero sa (877) 734-3258.

**Paano Kung Kailangan Ko ng Tulong Para Malutas ang Isang Problema sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng Plano ng County Pero Ayaw Kong Maghain ng Karaingan o Apela?**

Makakakuha ka ng tulong mula sa Estado kung nagkakaproblema ka sa paghahanap ng mga tamang tao sa county para tulungan ka sa paggamit ng system.

Maaari kang makipag-ugnayan sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (hindi kasama ang mga pista opisyal), sa pamamagitan ng pagtawag sa **888-452-8609** o sa

---

pamamagitan ng pag-email sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov.

**Pakitandaan:** Ang mga mensaheng e-mail ay hindi itinuturing na kumpidensyal. Hindi ka dapat magsama ng personal na impormasyon sa isang mensaheng e-mail.

Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo. Maaari kang magtanong tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig o libreng legal na tulong mula sa Public Inquiry and Response Unit:

Tumawag nang Toll-Free: **1-800-952-5253**
Kung ikaw ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sa: **1-800-952-8349**

## ANG PROSESO NG PAGHAHAIN NG KARAINGAN

**Ano ang Isang Karaingan?**

Ang karaingan ay isang pagpapahayag ng pagkadismaya tungkol sa anumang bagay tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na hindi isa sa mga problemang saklaw ng apela at mga proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Ang proseso ng karaingan ay:

- May kasangkot na simple, at madaling maunawaan na mga pamamaraan na nagbibigay-daan sa iyong ipresenta ang iyong hinaing nang pasalita o nakasulat.
- Hindi ibibilang laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang awtorisahan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o advocate. Kung aawtorisahan mo ang

ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na pumirma sa isang form na nagpapahintulot sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.

- Siguraduhin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasali sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Tukuyin ang mga tungkulin at responsibilidad mo, ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county at ng iyong provider.
- Magbigay ng resolusyon para sa karaingan sa mga kinakailangang takdang panahon.

**Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Karaingan?**
Maaari kang maghain ng karaingan sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county anumang oras kung hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance na iyong natatanggap mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county o may isa pang alalahanin tungkol sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

**Paano Ako Maghahain ng Karaingan?**
Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay magbibigay ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong hinaing. Ang mga karaingan ay maaaring ihain nang pasalita o nakasulat. Ang mga pasalitang karaingan ay hindi kailangang i-follow up sa pagliham.

Para sa tulong sa mga karaingan tungkol sa mga serbisyo sa tirahan, maaari mong tawagan ang Programa ng Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS) sa (619) 282-1134.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa outpatient o anupamang serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang toll-free na numero sa (877) 734-3258.

**Paano Ko Malalaman Kung Natanggap ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ang Aking Karaingan?**

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay kailangang ipaalam sa iyo na natanggap nito ang iyong hinaing sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon sa loob ng 5 araw pagkatapos matanggap. Ang isang karaingan na natanggap sa pamamagitan ng tawag o nang personal, na sasang-

ayunan mong maresolba sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, ay hindi kasama at maaaring hindi ka makakuha ng liham.

**Kailan Mapagpapasyahan ang Aking Karaingan?**

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay dapat gumawa ng desisyon tungkol sa iyong hinaing sa loob ng 90 araw mula sa petsa na inihain mo ang iyong karaingan. Ang mga timeframe ay maaaring palawigin nang hanggang 14 na araw kung hihilingin mo, o kung naniniwala ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Ang isang halimbawa ng kung kailan ang pagkaantala ay maaaring para sa iyong kapakanan ay kapag ang county ay naniniwala na maaaring malutas ang iyong hinaing kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county ay nagkaroon ng kaunting

---

oras para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa ibang taong kasangkot.

**aano Ko Malalaman Kung Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County ay Nakagawa Na ng Desisyon Tungkol sa Aking Karaingan?**

Sa oras na makagawa ng desisyon tungkol sa iyong karaingan, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay aabisuhan ka o ang iyong kinatawan tungkol sa desisyon sa pamamagitan ng liham. Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay nabigo na ipaalam sa iyo o sa sinumang apektadong partido ang desisyon sa karaingan sa oras, kinakailangan nilang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo na nagpapayo sa iyo ng iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong

---

county ay kinakailangang magbigay sa iyo ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo sa petsa na mag-e-expire ang timeframe.

**Mayroon bang Deadline Para Maghain ng Karaingan?**

Maaari kang maghain ng karaingan anumang oras.

## ANG PROSESO NG PAG-APELA (PAMANTAYAN AT PINABILIS)

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay may pananagutan sa pagpayag sa iyo na hamunin ang isang desisyon na ginawa tungkol sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county o iyong mga provider na hindi mo sinasang-ayunan. Mayroong dalawang paraan na maaari kang humiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay ang paggamit ng karaniwang proseso ng mga apela. Ang pangalawang paraan ay sa pamamagitan ng paggamit ng pinabilis na proseso ng mga apela. Ang dalawang uri ng apela na ito ay magkatulad; gayunpaman, may mga partikular na kinakailangan para maging kwalipikado para sa isang pinabilis na apela. Ang mga partikular na kinakailangan ay ipinapaliwanag sa ibaba.

**Ano ang Karaniwang Apela?**

Ang karaniwang apela ay isang kahilingan para sa pagsusuri ng isang problema na mayroon ka sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county o iyong provider na nagsasangkot ng pagtanggi o mga pagbabago sa mga serbisyong sa tingin mo ay kailangan mo. Kung hihiling ka ng karaniwang apela, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay maaaring kailanganin ng hanggang 30 araw para masuri ito. Kung sa tingin mo ay malalagay sa panganib ang iyong kalusugan sa paghihintay ng 30 araw, dapat kang humiling ng 'pinabilis na apela.'

Sa karaniwang proseso ng mga apela:

- Papayagan kang maghain ng apela nang personal, sa pagtawag, o sa pamamagitan ng pagsulat.

- Titiyaking hindi mabibilang ang paghahain ng apela laban sa iyo o sa iyong provider sa anumang paraan.
- Pahihintulutan kang awtorisahan ang ibang tao na kumilos para sa iyo, kabilang ang isang provider o advocate. Kung aawtorisahan mo ang ibang tao na kumilos sa ngalan mo, maaaring hilingin sa iyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na pumirma sa isang form na nagpapahintulot sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo kapag hiniling para sa isang apela sa loob ng kinakailangang takdang panahon, na 10 araw mula sa petsa na ang iyong Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo ay namarkahan o personal na ibinigay sa iyo.. Hindi

mo kailangang magbayad para sa mga patuloy na serbisyo habang nakabinbin ang apela. Kung hihilingin mo ang pagpapatuloy ng benepisyo, at kinukumpirma ng huling desisyon ng apela ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang apela.

- Titiyakin na ang mga indibidwal na gumagawa ng mga desisyon ay kwalipikadong gawin ito at hindi kasama sa anumang nakaraang antas ng pagsusuri o paggawa ng desisyon.
- Papahintulutan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kabilang ang iyong medikal na rekord, at anupamang dokumento o talaan na isinasaalang-alang sa panahon ng proseso ng apela, bago at sa panahon ng proseso ng apela.

- Magbibigay sa iyo ng makatwirang pagkakataon na magpakita ng ebidensya at mga paratang ng katotohanan o batas, nang personal o nakasulat.
- Papahintulutan ka, ang iyong kinatawan, o ang legal na kinatawan ng ari-arian ng namatay na benepisyaryo na maisama bilang mga partido sa apela.
- Ipapaalam sa iyo na ang iyong apela ay sinusuri sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng nakasulat na kumpirmasyon.
- Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kasunod ng pagkumpleto ng proseso ng apela.

**Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Apela?**

Maaari kang maghain ng apela sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county:

---

Tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county nang walang bayad sa Linya ng Access at Krisis (ACL) ng San Diego sa (888) 724-7240 (TTY:771) o bisitahin online sa https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/hhsa/programs/bhs/bhs_services.html. Available ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County nang 24 na oras, 7 araw sa isang linggo.

- Kung ang iyong county o isa sa mga provider na kinontrata ng county ay nagpasya na hindi ka kuwalipikadong tumanggap ng anumang serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance ng Medi-Cal dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan sa pagkakwalipikado.
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng isang serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance at humihingi ng pag-apruba sa county, pero hindi sumasang-ayon ang county at tinatanggihan ang kahilingan ng iyong provider o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong provider ay humingi ng pag-apruba sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county, pero kailangan ng county ng karagdagang impormasyon para

---

makagawa ng desisyon at hindi makumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang oras.

- Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na itinakda ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.
- Kung sa tingin mo ay hindi mabilis na naibibigay ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang mga serbisyo para matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Kung ikaw at ang iyong provider ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance na kailangan mo.

**Paano Ako Maghahain ng Apela?**

Magbibigay ang county ng mga self-addressed na sobre sa lahat ng site ng provider para ipadala mo sa koreo ang iyong apela. Ang mga apela ay maaaring ihain nang pasalita o nakasulat.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa mga serbisyo sa tirahan, maaari mong tawagan ang Programa ng Adbokasiya ng Pasyente ng Jewish Family Service (JFS) sa (619) 282-1134.

Para sa tulong sa paghain tungkol sa outpatient o anupamang serbisyo sa sakit sa paggamit ng substance, maaari kang tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) sa kanilang toll-free na numero sa (877) 734-3258.

**Paano Ko Malalaman Kung Napagpasyahan na ang Aking Apela?**

Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng plano ng county ay aabisuhan ka o ang

---

iyong kinatawan nang nakasulat tungkol sa kanilang desisyon para sa iyong apela. Ang paunawa ay mayroon ng sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng paglutas ng apela.
- Ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon sa apela.
- Kung ang apela ay hindi ganap na nalutas sa iyong pabor, ang paunawa ay maglalaman din ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Patas na Pagdinig ng Estado at ang pamamaraan para sa paghahain ng isang Patas na Pagdinig ng Estado.

**Mayroon bang Deadline Para Maghain ng Apela?**
Dapat kang maghain ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo. Tandaan na hindi ka palaging makakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo. Walang deadline para sa

paghahain ng apela kapag hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo; kaya, maaari kang maghain ng ganitong uri ng apela anumang oras.

**Kailan Lalabas ang Desisyon Tungkol sa Aking Apela?**

Dapat magpasya ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa iyong apela sa loob ng 30 araw mula nang matanggap nila ang iyong kahilingan para sa apela. Ang mga timeframe ay maaaring palawigin nang hanggang 14 na araw kung hihilingin mo, o kung naniniwala ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Ang isang halimbawa ng kung kailan ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan ay kapag naniniwala ang county na maaari nitong aprubahan ang iyong apela kung ang

Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay nagkaroon ng kaunting oras para makakuha ng impormasyon mula sa iyo o sa iyong provider.

**Paano Kung Hindi Ako Makapaghintay ng 30 Araw Para sa Aking Desisyon sa Apela?**

Maaaring mas mabilis ang proseso ng apela kung kwalipikado ito para sa pinabilis na proseso ng mga apela.

**Ano ang Isang Pinabilis na Apela?**

Ang pinabilis na apela ay isang mas mabilis na paraan para magpasya sa isang apela. Ang pinabilis na proseso ng mga apela ay sumusunod sa isang katulad na proseso sa karaniwang proseso ng mga apela. Gayunpaman, dapat mong ipakita na ang paghihintay para sa isang karaniwang apela ay maaaring magpalala sa kondisyon ng iyong paggamit ng substance. Ang pinabilis na proseso ng apela ay sumusunod din sa iba't ibang deadline

kaysa sa karaniwang apela. Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay may 72 oras para suriin ang mga pinabilis na apela. Maaari kang gumawa ng pasalitang kahilingan para sa isang pinabilis na apela. Hindi mo kailangang isulat ang iyong pinabilis na kahilingan sa apela.

**Kailan Ako Puwedeng Maghain ng Pinabilis na Apela?**

Kung sa tingin mo na ang paghihintay ng hanggang 30 araw para sa isang karaniwang desisyon sa apela ay malalagay sa alanganin ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos, mapanatili o mabawi ang pinakamaayos na lagay, maaari kang humiling ng pinabilis na paglutas ng isang apela. Kung sasang-ayon ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na natutugunan ng iyong apela ang mga kinakailangan para sa isang pinabilis na apela, lulutasin ng iyong

county ang iyong pinabilis na apela sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang apela.

Ang mga timeframe ay maaaring palawigin nang hanggang 14 na araw kung hihilingin mo, o kung matutukoy ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at na ang pagkaantala ay para sa iyong kapakanan. Kung palalawigin ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ang mga timeframe, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay magbibigay sa iyo ng nakasulat na paliwanag kung bakit pinalawig ang mga timeframe.

Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay nagpasya na ang iyong

apela ay hindi kwalipikado para sa isang pinabilis na apela, ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county ay dapat gumawa ng makatwirang mga pagsisikap para mabigyan ka ng agarang berbal na paunaw at aabisuhan ka nang nakasulat sa loob ng 2 araw na nagbibigay sa iyo ng dahilan para sa desisyon. Susundan ng iyong apela ang mga karaniwang timeframe ng apela na nakabalangkas sa unang bahagi sa seksyong ito. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng county na ang iyong apela ay hindi nakakatugon sa pinabilis na pamantayan ng apela, maaari kang maghain ng karaingan.

Kapag nalutas na ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ang iyong pinabilis na apela, aabisuhan ka nila at ang lahat ng apektadong partido nang pasalita at nakasulat.

---

## ANG PROSESO NG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO

### Ano ang Patas na Pagdinig ng Estado?

Ang Patas na Pagdinig ng Estado ay isang independiyenteng pagsusuri na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California para matiyak na natatanggap mo ang mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance kung saan ikaw ay may karapatan sa ilalim ng programang Medi-Cal. Maaari mo ring bisitahin ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California sa https://www.cdss.ca.gov/hearing-requests para sa mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon.

### Ano ang Aking Mga Karapatan sa Patas na Pagdinig ng Estado?

May karapatan kang:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan

ng California (tinatawag ding Pagdinig ng Estado).

- Sabihan tungkol sa kung paano humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.
- Masabihan tungkol sa mga patakaran na namamahala sa representasyon sa Patas na Pagdinig ng Estado.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa iyong kahilingan sa panahon ng proseso ng Patas na Pagdinig ng Estado kung humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng mga kinakailangang takdang panahon.

**Kailan Ako Maaaring Maghain Para sa Patas na Pagdinig ng Estado?**

Maaari kang maghain para sa isang Patas na Pagdinig ng Estado:

- Kung nakumpleto mo na ang proseso ng apela ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

- Kung ang iyong county o isa sa mga provider na kinontrata ng county ay nagpasya na hindi ka kuwalipikadong tumanggap ng anumang serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance ng Medi-Cal dahil hindi mo natutugunan ang pamantayan sa pagkakwalipikado.
- Kung sa tingin ng iyong provider ay kailangan mo ng isang serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance at humihingi ng pag-apruba sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, pero hindi sumasang-ayon ang county at tinatanggihan ang kahilingan ng iyong provider o binago ang uri o dalas ng serbisyo.
- Kung ang iyong provider ay humingi ng pag-apruba sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county, pero kailangan ng county ng karagdagang impormasyon para

makagawa ng desisyon at hindi makumpleto ang proseso ng pag-apruba sa takdang oras.

- Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo batay sa mga timeline na na-set up ng county.
- Kung sa tingin mo ay hindi mabilis na naibibigay ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang mga serbisyo para matugunan ang iyong mga pangangailangan.
- Kung ang iyong hinaing, apela o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.
- Kung ikaw at ang iyong provider ng serbisyo ay hindi magkasundo sa mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance na kailangan mo.
- Kung ang iyong hinaing, apela, o pinabilis na apela ay hindi nalutas sa tamang oras.

**Paano Ako Hihiling ng Patas na Pagdinig ng Estado?**

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado:

- Online sa:

  https://acms.dss.ca.gov/acms/login.request.do

- Sa Pamamagitan ng Pagsulat: Isumite ang iyong kahilingan sa departamento ng welfare ng county sa address na makikita sa Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, o sa pamamagitan ng fax o mail sa:

  California Department of Social Services State Hearings Division
  P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
  Sacramento, CA 94244-2430

  O sa pamamagitan ng pag-fax sa **916-651-5210** o **916-651-2789**.

Maaari ka ring humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado o isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado:

- Sa pamamagitan ng pagtawag: Tawagan ang State Hearings Division, nang toll-free, sa **800-743-8525** o **855-795-0634**, o tawagan ang linya ng Public Inquiry and Response, nang toll-free, sa **800-952-5253** o TDD sa **800-952-8349**.

**Mayroon Bang Deadline Para sa Paghain Para sa Isang Patas na Pagdinig ng Estado?**

Mayroon ka lang 120 araw para humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Magsisimula ang 120 araw mula sa petsa ng nakasulat na paunawa sa desisyon ng apela ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

Kung hindi ka nakatanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, maaari kang

maghain para sa Patas na Pagdinig ng Estado anumang oras.

**Maaari Ko Bang Ipagpatuloy ang Mga Serbisyo Habang Naghihintay Ako Para sa Isang Desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado?**

Oo, kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng paggamot at gusto mong ipagpatuloy ang iyong paggamot habang nag-aapela ka, dapat kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na ang paunawa ng desisyon sa apela ay namarkahan o naihatid sa iyo O bago ang petsa na sasabihin ng iyong Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na ang mga serbisyo ay ititigil o mababawasan. Kapag humiling ka ng Patas na Pagdinig ng Estado, dapat mong sabihin na gusto mong patuloy na matanggap ang iyong paggamot. Dagdag pa rito, hindi mo kailangang magbayad para sa mga

serbisyong natanggap habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

Kung hihilingin mo ang pagpapatuloy ng benepisyo, at kinukumpirma ng pinal na desisyon ng Patas na Pagdinig ng Estado ang desisyon na bawasan o ihinto ang serbisyong natatanggap mo, maaaring kailanganin mong bayaran ang halaga ng mga serbisyong ibinigay habang nakabinbin ang Patas na Pagdinig ng Estado.

**Kailan Gagawin ang Isang Desisyon Tungkol sa Aking Patas na Pagdinig ng Estado?**

Pagkatapos mong humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso at magpadala sa iyo ng sagot.

**Maaari Ba Akong Makakuha ng Patas na Pagdinig ng Estado nang Mas Mabilis?**

Kung sa tingin mo ay makakasama sa iyong kalusugan ang paghihintay ng ganoon katagal, maaari kang makakuha ng sagot sa loob ng tatlong araw ng trabaho. Hilingin sa iyong general practitioner o ibang provider na magsulat ng liham para sa iyo. Maaari ka ring sumulat ng isang liham sa iyong sarili. Dapat na ipaliwanag nang detalyado sa liham kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw para mapagpasyahan ang iyong kaso ay seryosong makakasama sa iyong buhay, sa iyong kalusugan, o sa iyong kakayahang makapamuhay, mapanatili, o mabawi ang pinakamabuting lagay. Pagkatapos, tiyaking hihiling ka ng "pinabilis na pagdinig" at ibigay ang liham kasama ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Susuriin ng Department of Social Services, State Hearings Division, ang iyong kahilingan para sa isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado at

---

pagpapasyahan kung magkakwalipika ito. Kung ang iyong kahilingan sa pinabilis na pagdinig ay naaprubahan, isang pagdinig ang gaganapin at isang desisyon sa pagdinig ang ibibigay sa loob ng 3 araw ng trabaho mula sa petsa na ang iyong kahilingan ay natanggap ng State Hearings Division.

## MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MEDI-CAL PROGRAM

**May Magagamit Bang Transportasyon?**

Kung nahihirapan kang makarating sa iyong mga medikal na appointment o mga appointment sa paggamot sa droga at alak, matutulungan ka ng programang Medi-Cal na makahanap ng transportasyon. Maaaring ibigay ang transportasyon para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na hindi makabiyahe nang mag-isa at may pangangailangang medikal para makatanggap ng ilang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal. Mayroong dalawang uri ng transportasyon para sa mga appointment:

- Ang hindi medikal na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng pribado o pampublikong sasakyan para sa mga taong walang ibang paraan para makarating sa kanilang appointment.

- Ang hindi emergency na medikal na transportasyon ay transportasyon sa pamamagitan ng ambulansya, wheelchair van, o litter van para sa mga hindi makagamit ng pampubliko o pribadong transportasyon.

Available ang transportasyon para sa mga biyahe patungo sa parmasya o para kunin ang mga kinakailangang kagamitang medikal, prosthetics, orthotics, at iba pang kagamitan. Para sa higit pang impormasyon at tulong tungkol sa transportasyon, makipag-ugnayan sa iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga.

Kung mayroon kang Medi-Cal ngunit hindi naka-enroll sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon sa isang serbisyong nauugnay sa kalusugan, maaari kang makipag-ugnayan sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county para sa tulong. Kapag

---

nakipag-ugnayan ka sa kumpanya ng transportasyon, hihingi sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment. Kung kailangan mo ng hindi pang-emergency na medikal na transportasyon, ang iyong provider ay maaaring magreseta ng hindi pang-emergency na transportasyong medikal at hanapan ka ng provider ng transportasyon para i-coordinate ang iyong biyahe papunta at mula sa iyong (mga) appointment.

**Karagdagang Impormasyong Partikular sa County**

Kung kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon, makikita ang isang listahan ng mga aprubadong hindi medikal na provider ng transportasyon sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Documents/List-of-Approved-Nonmedical-Transportation-Providers.pdf

**Ano ang Mga Serbisyong Pang-emergency?**

Sinasaklaw ang mga serbisyong pang-emergency 24 na oras sa isang araw at 7 araw sa isang linggo. Kung sa tingin mo ay may emergency ka na nauugnay sa kalusugan, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.

Ang Mga Serbisyong Pang-emergency ay mga serbisyong ibinibigay para sa isang hindi inaasahang kondisyong medikal, kabilang ang isang psychiatric na pang-emergency na kondisyong medikal.

Ang isang pang-emergency na kondisyong medikal ay kapag mayroon kang mga sintomas na nagdudulot ng matinding pananakit o malubhang karamdaman o pinsala, na pinaniniwalaan ng isang may mabuting hangaring tao (isang maingat na hindi medikal na tao) na makatuwirang asahan na kapag walang pangangalagang medikal ay maaaring:

---

- Malagay ang iyong kalusugan sa malubhang panganib, o
- Kung ikaw ay buntis, malalagay ang iyong kalusugan o kalusugan ng iyong hindi pa isinisilang na anak sa malubhang panganib, o
- Magdudulot ng malubhang pinsala sa iyong katawan, o
- Magdudulot ng malubhang pinsala sa anumang organ o bahagi ng katawan.

May karapatan kang gumamit ng anumang ospital sa kaso ng isang emergency. Ang mga serbisyong pang-emergency ay hindi kailanman nangangailangan ng paunang pahintulot.

**Kailangan Ko Bang Magbayad Para sa Medi-Cal?**

Maaaring kailanganin mong magbayad para sa Medi-Cal depende sa halaga ng perang nakukuha o kinikita mo bawat buwan.

- Kung ang iyong kita ay mas mababa sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, hindi mo kailangang magbayad para sa mga serbisyo ng Medi-Cal.
- Kung ang iyong kita ay higit sa mga limitasyon ng Medi-Cal para sa laki ng iyong pamilya, kailangan mong magbayad ng kaunting pera para sa iyong mga serbisyo sa paggamot sa paggamit ng substance. Ang halagang babayaran mo ay tinatawag na iyong ‘bahagi sa gastos.’ Kapag nabayaran mo na ang iyong ‘bahagi sa gastos,’ babayaran ng Medi-Cal ang natitira sa iyong mga saklaw na medikal na bayarin para sa buwang iyon. Sa mga buwan na wala kang gastusin sa pagpapagamot, wala kang kailangang bayaran.
- Maaaring kailanganin mong magbayad ng 'co-payment' para sa anumang paggamot sa ilalim ng Medi-Cal. Nangangahulugan ito na

---

magbabayad ka mula sa sariling bulsa sa tuwing makakakuha ka ng serbisyong medikal o pupunta sa emergency room ng ospital para sa iyong mga regular na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng iyong provider kung kailangan mong gumawa ng co-payment.

**Sino ang Kokontakin Ko Kung Naiisip Kong Magpakamatay?**

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, mangyaring tawagan ang National Suicide Prevention Lifeline sa **988** or **1-800-273-TALK (8255)**. Available ang chat sa https://988lifeline.org/.

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa isang krisis at para ma-access ang mga lokal na programa sa kalusugan ng isip, mangyaring tawagan ang Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711).

**Saan ako pupunta para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal?**

Bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/Beneficiaries.aspx para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medi-Cal.

## PAUNANG DIREKTIBA

### Ano ang Paunang Direktiba?

May karapatan kang magkaroon ng paunang direktiba. Ang paunang direktiba ay nakasulat na tagubilin tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa ilalim ng batas ng California. Kabilang dito ang impormasyon na nagsasaad kung paano mo gustong ibigay ang pangangalagang pangkalusugan o nagsasabi kung anong mga desisyon ang gusto mong gawin, kung o kapag hindi mo magawang magsalita para sa iyong sarili. Maaari mong marinig kung minsan ang isang paunang direktiba na inilarawan bilang isang living will o durable power of attorney.

Tinutukoy ng batas ng California ang isang paunang direktiba bilang alinman sa isang pasalita o nakasulat na tagubilin sa pangangalaga sa kalusugan ng indibidwal o isang kapangyarihan ng abugado (isang nakasulat na dokumento na

nagbibigay ng pahintulot sa isang tao na gumawa ng mga desisyon para sa iyo). Ang lahat ng county ng Sistema ng Organisadong Paghahatid ng Drug Medi-Cal ay kinakailangang mayroong mga paunang direktiba. Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na impormasyon sa mga patakaran ng paunang direktiba ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county at isang paliwanag ng batas ng estado, kung hihilingin ang impormasyon. Kung gusto mong hilingin ang impormasyon, dapat mong tawagan ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county para sa karagdagang impormasyon.

Ang isang paunang direktiba ay binuo para payagan ang mga tao na magkaroon ng kontrol sa kanilang sariling paggamot, lalo na kapag hindi sila makapagbigay ng mga tagubilin tungkol sa kanilang

sariling pangangalaga. Ito ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa mga tao na sabihin, nang maaga, kung ano ang kanilang mga naisin kung hindi sila makakagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga bagay tulad ng karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na paggamot, operasyon, o gumawa ng iba pang pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan. Sa California, ang isang paunang direktiba ay binubuo ng dalawang bahagi:

- Ang iyong appointment sa isang ahente (isang tao) na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan; at
- Ang iyong indibidwal na mga tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan

Maaari kang makakuha ng form para sa isang paunang direktiba mula sa Organisadong Sistema

---

ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng iyong county o online. Sa California, may karapatan kang magbigay ng mga paunang direktiba sa lahat ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan ka ring baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa batas ng California tungkol sa mga kinakailangan sa paunang direktiba, maaari kang magpadala ng liham sa:

California Department of Justice
Attn: Public Inquiry Unit
P. O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550

**Karagdagang Impormasyong Partikular sa County**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Paunang Direktiba, maaari kang bumisita o magtanong sa alinmang site ng provider ng sakit sa

paggamit ng substance na kinontrata ng County ng San Diego.

# MGA KARAPATAN AT RESPONSIBILIDAD NG BENEPISYARYO

## Ano ang Aking Mga Karapatan Bilang Isang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal?

Bilang isang taong kwalipikado para sa Medi-Cal at naninirahan sa isang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, may karapatan kang tumanggap ng medikal na kinakailangang mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng substance mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. May karapatan kang:

- Tratuhin nang may paggalang, pagbibigay ng nararapat na pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon.

---

- Tumanggap ng impormasyon sa mga magagamit na opsyon sa paggamot at mga alternatibo, na ipinapakita sa paraang naaangkop sa kondisyon at kakayahang umunawa ng Benepisyaryo.
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa sakit sa paggamit ng substance, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Makatanggap ng napapanahong access sa pangangalaga, kabilang ang mga serbisyong available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kapag medikal na kinakailangan para gamutin ang isang emergency na kondisyon o isang agaran o krisis na kondisyon.
- Tanggapin ang impormasyon sa handbook na ito tungkol sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance na saklaw ng Organisadong Sistema ng Pag-

---

deliver ng Drug Medi-Cal ng county, iba pang mga obligasyon ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, at ang iyong mga karapatan gaya ng inilarawan dito.

- Protektahan ang iyong kumpidensyal na impormasyon sa kalusugan.
- Humiling at tumanggap ng kopya ng iyong mga medikal na rekord, at hilinging ipabago ang mga ito o itama kung kinakailangan.
- Tumanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga alternatibong format (kabilang ang Braille, malaking sukat, at format ng audio) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop sa format na hinihiling.
- Tumanggap ng mga nakasulat na materyales sa mga wikang ginagamit nang hindi bababa sa limang porsyento o 3,000 ng iyong mga benepisyaryo ng Organisadong Sistema ng Pag-

deliver ng Drug Medi-Cal ng county, alinman ang mas mababa.

- Tumanggap ng mga serbisyo ng oral interpretation para sa iyong gustong wika.
- Tumanggap ng mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substance mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county na sumusunod sa mga inaatas ng kontrata nito sa Estado sa mga lugar na available ang mga serbisyo, mga pagtitiyak ng sapat na kapasidad at mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga, at saklaw at awtorisasyon ng mga serbisyo.
- I-access ang Mga Serbisyo ng Pagpapahintulot ng Menor de Edad kung ikaw ay isang benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang.
- I-access ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa labas ng network sa isang

napapanahong paraan kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay walang empleyado o contract provider na maaaring maghatid ng mga serbisyo. Ang ibig sabihin ng “provider na wala sa network” ay isang provider na wala sa listahan ng mga provider ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Dapat tiyakin ng county na wala kang dagdag na babayaran para sa pagpapatingin sa isang provider na wala sa network. Maaari kang makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng benepisyaryo sa (888) 724-7240 para sa impormasyon kung paano makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.

- Humiling ng pangalawang opinyon mula sa isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa loob ng

network ng county, o isa sa labas ng network, nang walang karagdagang gagastusin.

- Maghain ng mga karaingan, pasalita man o nakasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap.
- Humiling ng apela, pasalita man o nakasulat, sa pagtanggap ng Paunawa sa Salungat na Desisyon sa Benepisyo, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na apela.
- Humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na Patas na Pagdinig ng Estado.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pag-iisa na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.

---

- Maging malaya sa diskriminasyon para gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naaapektuhan kung paano ka tinatrato ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county, mga provider, o ng Estado.

**Ano ang Aking Mga Responsibilidad Bilang Tumatanggap ng Mga Serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal?**

Bilang isang tatanggap ng mga serbisyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal, responsibilidad mong:

- Maingat na basahin ang benepisyaryo na nagpapaalam sa mga materyales na iyong natanggap mula sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Tutulungan ka ng mga materyal na ito na maunawaan kung aling mga serbisyo ang magagamit at kung paano makakuha ng paggamot kung kailangan mo ito.

---

- Dumalo sa iyong paggamot ayon sa iskedyul. Magkakaroon ka ng pinakamagandang resulta kung makikipagtulungan ka sa iyong provider sa kabuuan ng iyong paggamot. Kung kailangan mong kaligtaan ang isang appointment, tawagan ang iyong provider nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang appointment at mag-reschedule para sa ibang araw at oras.
- Palaging dalhin ang iyong Card ng Pagkakakilanlan ng Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal at isang photo ID kapag dumalo ka sa paggamot.
- Ipaalam sa iyong provider kung kailangan mo ng interpreter bago ang iyong appointment.
- Sabihin sa iyong provider ang lahat ng iyong medikal na alalahanin. Kapag mas kumpletong impormasyon ang ibabahagi mo tungkol sa iyong mga pangangailangan, mas magiging matagumpay ang iyong paggamot.

---

- Siguraduhing tanungin ang iyong provider ng anumang tanong na mayroon ka. Napakahalaga na lubos mong maunawaan ang impormasyong natatanggap mo sa panahon ng paggamot.
- Maging handa na bumuo ng isang matibay na relasyon sa pagtatrabaho sa provider na gumagamot sa iyo.
- Makipag-ugnayan sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong mga serbisyo o kung mayroon kang anumang problema sa iyong provider na hindi mo kayang lutasin.
- Sabihin sa iyong provider at sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county kung mayroong anumang pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kabilang dito ang address, numero ng telepono, at anupamang impormasyong medikal na

---

maaaring makaapekto sa iyong kakayahang lumahok sa paggamot.

- Tratuhin nang may paggalang at ang mga tauhan na nagbibigay ng iyong paggamot.
- Kung pinaghihinalaan mo ang pandaraya o maling gawain, iulat ito:
    - Hinihiling ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan sa sinumang naghihinala sa pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso ng Medi-Cal na tawagan ang DHCS Medi-Cal Fraud Hotline sa **1-800-822-6222**. Kung sa tingin mo ay isa itong emergency, mangyaring tumawag sa **911** para sa agarang tulong. Libre ang tawag, at ang tumatawag ay maaaring manatiling anonymous.
    - Maaari ka ring mag-ulat ng pinaghihinalaang panloloko o pang-aabuso sa pamamagitan

---

ng e-mail sa [fraud@dhcs.ca.gov](mailto:fraud@dhcs.ca.gov) o gamitin ang online form sa [http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx).

## KAHILINGAN NA PAGLIPAT NG PANGANGALAGA

**Kailan ako maaaring humiling na panatilihin ang aking dati at kasalukuyang wala sa network na provider?**

- Pagkatapos sumali sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal county, maaari kang humiling na panatilihin ang iyong provider na wala sa network sa loob ng isang yugto ng panahon kung:
  - Ang paglipat sa isang bagong provider ay magreresulta sa isang malubhang pinsala sa iyong kalusugan o madaragdagan ang iyong panganib na maospital o madala sa institusyon; at
  - Ikaw ay tumatanggap ng paggamot mula sa wala sa network na provider bago ang petsa ng iyong paglipat sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county.

---

**Paano ako hihiling na panatilihin ang aking provider na wala sa network?**

- Ikaw, ang iyong mga awtorisadong kinatawan, o ang iyong kasalukuyang provider, ay maaaring magsumite ng kahilingan nang nakasulat sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Linya ng Access at Krisis (ACL) sa (888) 724-7240 (TTY: 711) para sa impormasyon kung paano humiling ng mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.
- Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay magpapadala ng nakasulat na pagkilala sa pagtanggap ng iyong kahilingan at magsisimulang iproseso ang iyong kahilingan sa loob ng tatlong (3) araw ng trabaho.

---

**Paano kung patuloy kong makita ang aking provider na wala sa network pagkatapos lumipat sa Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng County?**

- Maaari kang humiling ng retroactive transition ng kahilingan sa pangangalaga sa loob ng tatlumpung (30) araw pagkatapos matanggap ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network.

**Bakit tatanggihan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?**

- Maaaring tanggihan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang iyong kahilingan na panatilihin ang iyong dati, at ngayon ay wala sa network na provider, kung:
  - Ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay

nagdokumento ng mga isyu sa kalidad ng pangangalaga sa provider.

**Ano ang mangyayari kung tinanggihan ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?**

- Kung tatanggihan ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang iyong paglipat ng pangangalaga, ito ay:
  - Ipaalam sa iyo sa pamamagitan ng liham;
  - Mag-aalok sa iyo ng kahit isang alternatibong provider na nasa network na nag-aalok ng parehong antas ng mga serbisyo gaya ng wala sa network na provider; at
  - Ipapaalam sa iyo ang iyong karapatang maghain ng karaingan kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtanggi.
- Kung ang Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ay nag-aalok sa iyo ng maraming alternatibong provider na nasa

---

network at hindi ka pipili, pagkatapos ay ire-refer o itatalaga ka ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa isang nasa network na provider at aabisuhan ka ng referral o assignment na iyon sa pamamagitan ng liham. Kung ang out-of-care provider ay tumanggi na tanggapin ang mga rate ng kontrata ng county ng DMC-ODS o mga rate ng DMC para sa naaangkop na (mga) serbisyo ng DMC-ODS o kung ang out-of-care provider ay hindi kasalukuyang sertipikadong provider ng DMC.

**Ano ang mangyayari kung maaprubahan ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?**

- Sa loob ng pitong (7) araw ng pag-apruba sa iyong kahilingan sa paglipat ng pangangalaga, ibibigay sa iyo ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang:
    - Pag-apruba ng kahilingan;

---

  - Tagal ng paglipat ng pangangalaga;
  - Ang prosesong magaganap para ilipat ang iyong pangangalaga sa pagtatapos ng pagpapatuloy ng panahon ng pangangalaga; at
  - Ang iyong karapatan na pumili ng ibang provider mula sa network ng provider ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county anumang oras.

**Gaano kabilis mapoproseso ang aking kahilingan sa paglipat ng pangangalaga?**

- Kukumpletuhin ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county ang pagsusuri nito sa iyong kahilingan sa paglipat ng pangangalaga sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa petsa na natanggap ang iyong kahilingan.

---

**Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng aking panahon ng paglipat ng pangangalaga?**

- Aabisuhan ka ng Organisadong Sistema ng Pag-deliver ng Drug Medi-Cal ng county sa pamamagitan ng pagsulat tatlumpung (30) araw bago matapos ang panahon ng paglipat ng pangangalaga tungkol sa prosesong magaganap para ilipat ang iyong pangangalaga sa isang nasa network na provider sa pagtatapos ng iyong panahon ng paglipat ng pangangalaga.